


NGAYO'Y NAGANAP

ANG KASULATANG ITO

 Manatili lamang na nakatayo, kung maaari sana, habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo para sa isang pananalangin.

² Minamahal na Makalangit na Ama, nagpapasalamat po kami ngayong gabi para dito, sa isa na namang pagkakataon na maparito at maibigay itong maluwalhati, kahanga-hangang Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Pinasasalamatan Ka namin sapagkat Siya ay nananatili pa ring siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nagpapasalamat kami sa Iyo para sa mga taong ito na nagtipun-tipon dito sa oras nitong malamig na panahon, at gayon pa man ay lubos pa rin ang kanilang pananabik, mga naghahangad, naniniwala na isang bagay na katangi-tangi ang ipagkakaloob sa amin mula sa Diyos. Dumudulog kaming taglay ang pag-asang iyon, Panginoon, sa bawat pagtitipon. Pinasasalamatan Ka po namin sa mga gawain, noong gabi bago nitong huli, sa tabernakulo; pinasasalamatan Ka sa gawain dito kagabi, at sa gawain ngayong araw, sa tabernakulo. Umaasa kami ngayon sa kung ano po ang Iyong inihanda para sa amin sa gabing ito.

³ Ama, alam namin na ang sinuman na kayang igalaw ang kanilang mga kamay ay magagawang buklatin ang mga pahina ng Biblia, ngunit may Isa lamang na may kakayanang buhayin Ito at maging buháy, at Ikaw po iyon. At, Ama, umaasa po kami na Iyong gagawin iyon ngayong gabi. Pagpalain Mo kami sa lahat ng paraan. Ang aming mga puso ay lubos na puspos ng kagalakan habang nakikita naming papalapit na ang panahon kung kailan namin Siya makakatagpo, nang mukhaan, Yaong aming inibig at siyang dahilan kaya kami nabubuhay sa loob ng matagal nang panahong ito.

⁴ Maraming mga bagong pagpapabalik-loob, Panginoon, ang nagawa. Nauunawaang maraming tao, apatnapu o limampu, ang babautismuhan sa Pangalan Mo, sa umaga, mula sa gawain kagabi. O Diyos, ipagpatuloy Mo nawa, idinalangin namin, hanggang sa makita ng bawat itinalagang binhi ng Diyos ang Liwanag ng Ebanghelyo, at makapasok na sa kawan.

⁵ Hinihiling namin na ikubli Mo po kami ngayong gabi sa likod ng Salita; bulagin po kami sa mga bagay ng sanlibutan, at hayaang makita namin si Jesus. Magkaroon nawa ng karanasang tulad doon sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo sa gitna namin, ngayong gabi, na wala kaming makikitang sinuman kundi si

Jesus lamang. Hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan, at para sa Kanyang kaluwalhatian at isang pagpapatunay ng Kanyang Ebanghelyo. Amen.

Makakaupo na kayo.

⁶ Ipipihit ko lang itong mikropono, o itong mesang ito, nang bahagya lang na nakapatagilid, kung ayos lang, para makita ko ang magkabilang panig ng mga tagapakinig. Palagay ko'y mailalagay ko ang mga mikroponong ito sa banda rito nang tama. Buweno, saglit lang.

⁷ Binabati namin, mula dito sa pangunahing bahagi ng bulwagan ngayong gabi, ang ating mga kaibigan sa Arizona, California, Texas, at sa buong Estados Unidos, sa pamamagitan ng telepono. Ito, inihahatid ito sa buong bansa, itong gawain ngayong gabi, sa pamamagitan ng telepono, kaya tayo'y umaasa na pagpapalain tayo ng Diyos.

⁸ Naririnig n'yo ba, diyan sa likuran ng—ng bulwagan, sa gawing kaliwa? Sige, titingnan na nila ngayon ang koneksyon ng telepono, para alamin kung gumagana na ba ito nang maayos.

⁹ Lahat ba ay masaya ngayong gabi? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Aba, mainam 'yan! Sa panig na ito? ["Amen."] Amen. Ako'y natutuwang makita kayong lahat na nakaupo na nang maayos.

¹⁰ At ngayon bukas ng gabi, kung magpapatuloy ang pagdami ng mga tao, magiging direkta na rin sila sa telepono. Mayroon ngayong gabi. Sa palagay ko'y naroroon ang iba sa kanila sa tabernakulo.

¹¹ At, bukas ng umaga, ang mga gawain ay hindi maidadaos sa tabernakulo, dahil ang... may darating na plorista doon na maglalagay ng mga dekorasyon sa simbahan para sa isang kasalng bukas ng hapon. At inilipat na nila ang—ang mga gawain, sa umaga, doon sa simbahan nina Kapatid na Ruddell, na isa sa mga kasamahan natin, at doon sa—sa highway dito, sa highway 62. Naipaalam na ba ito? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo."—Pat.] Naipaalam na ito. At, kung mapuno nang husto doon, dadalhin namin ang iba at papupuntahin ang isa pang ministro doon sa simbahan nina Kapatid na Junior Jackson, sa dakong Clarksville. Ang dahilan na inilipat namin ito doon sa kay Kapatid na Ruddell, malapit kasi iyon dito, at magagawa nating...at naisip namin na mas madali ninyong makikita iyon. At saka namin aayusin iyon sa kung ano pa mang paraan. At titiyaking maisasagawa ang lahat ng mga pagbabautismong iyon para bukas, at umaasa akong may isandaan pa o dalawa na maidaragdag sa mga babautismuhan bukas. At ngayon bukas ng gabi... .

¹² Hindi ko talaga nais na magpabatid ng anuman na ipangungusap mo na nang mas maaga, ngunit isang gabi sa gawain, o isang araw, gusto kong mangusap tungkol sa paksang:

Sino Itong Si Melquisedec? Sapagkat, ito'y isang—isang paksa na sa tingin ko'y nabubuhay na tayo sa panahon kung kailan ang mga kapahayagang ito, na naging katanungan na sa mga nagdaang panahon, tungkol sa, “Sino ba ang Taong ito?” At naniniwala ako na nasa Diyos ang kasagutan, kung Sino nga ba Siya. Ang sabi ng ilan, “isang pagkasaserdote,” ang sabi naman ng iba, “isang hari,” ang ilan... Ngunit kailangang mayroong...

¹³ Hangga't mayroong tanong, siguradong may kasagutan sa tanong na iyon, na tama. Walang maaaring maging tanong kung wala munang kasagutan.

¹⁴ Ngayon, tayo'y nagtitiwala na bibigyan tayo ng pagpapala ng Diyos ngayong gabi mula sa Kanyang Salita, habang binabasa natin Ito.

¹⁵ At kayo'y nagkaroon... Sinabi sa akin ni Billy na sabihin sa inyo na talagang naging mainam ang pakikipagtulungan ninyo sa mga tao rito na nangangasiwa sa paradahan ng sasakyan, sa kapulisan at lahat na. Ipagpatuloy ninyo ito; 'yan ay talagang napakabuti.

¹⁶ Umaasa tayong makita ang panahon, marahil ay sa nalalapit na hinaharap, kung kailan madadala natin marahil ang tolda rito sa siyudad at itatayo iyon dito sa palaruan ng baseball, kung saan tayo makakapanatili nang maha-habang panahon, marahil ay sa loob ng tatlo o apat na linggo, na rebaybal, nang tuluy-tuloy. At dito'y halos hindi man lang natin magawang kilalanin ang isa't isa, at pagkatapos ay kailangan na nating magpaalamanan saka na naman tayo aalis. Ngunit gusto kong pumarito at manatili nang mahaba-habang pagbisita, nang isang beses kung saan kayo'y puwedeng manatili para hindi na natin kailanganing tapusin sa isang gabi o dalawa, kundi manatili lamang at magturo, araw at gabi, araw at gabi, nang tuluy-tuloy. Marahil may uuwi at magpapakain ng mga manok, gagatatan ang mga baka, at babalik ng susunod na linggo at magpapatuloy sa gawain. Ako—gusto ko iyon. Kaya ang Panginoon ay sumainyo nawa.

¹⁷ Ngayon, bago ako umalis, marahil sa Linggo ng umaga o Linggo ng gabi, o kung ano mang araw, sa isa sa mga gawain na ito, ay alam kong naghihintay kayong lahat na mapakinggan ang Mensahe sa Katotohanan tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*, na isa sa mga malalaking problema ng panahong ito. At kasing tiyak na ako'y nakatayo rito, naniniwala ako na ang tamang sagot ay nasa Salita ng Diyos, at ako'y naniniwala na iyon ang dahilan na nangako akong babalik.

¹⁸ At sa palagay ko, nalalaman, sa pagkakaalam ko, gusto kong magkaroon ng isa pang gawain dito sa Jeffersonville, sa Linggo ng Pagkabuhay, at tayo'y... para sa pagbubukang-liwayway na gawain, at saka Linggo ng Pagkabuhay. Kaya

mauuna nating ianunsiyo iyon at sisikapin marahil natin na makuha na ang bulwagan, kung posible, o kung saan man, para sa Linggo, marahil sa darating na Sabado at Linggo. Kailangan kong pumunta ritong nakaeroplano at makaalis agad, dahil malapit ito sa oras. . . kailangan kong tingnan iyon, muna, sa mga nakatakda kong lakad, at sa isa sa aking—aking—mga lakad ko sa California. At saka, pagkatapos na pagkatapos nun, kinakailangan ko namang magpunta ng—ng Africa. Kaya manatiling nakaantabay at ipanalangin n'yo kami.

¹⁹ Ngayon, sa gaging ito, gusto kong tawagin ang inyong pansin sa isang bahagi ng Salita ng Diyos, na matatagpuan sa ika-4 na kabanata ng San Lucas. Ang ika-4 na kabanata at ang ika-16 na talata, ito'y mag-uumpisa, na nagsasalita si Jesus.

. . . *Ngayo'y naganap ang Salitang ito sa inyong mga pakinig.*

²⁰ Ngayon gusto nating humango, mula Riyan, ng isang kongklusyon tungkol sa kung gaano kamakapangyarihan ang Salita ng Diyos! Ngayon, alam na nating lahat ang mekanika, ngunit kinakailangan ng Dinamika para mapagana Ito.

²¹ Kaya nating maintindihan kung ano ang mekanika ng isang makina, ng kotse, ngunit ganun pa man kinakailangan ng dinamika para masimulang mapagana at mapakilos ang mga gulong.

²² Ngayon, si Jesus ay nagbalik na ng—ng Nazaret, kung saan siya lumaki. Sa pagpapatuloy pa ng Mga Kasulatan dito, nakita natin na sinabi nila, “Narinig namin na ginawa Mo ang *ganitokat-ganun* doon sa Capernaum. Ngayon ipakita Mo nga sa amin na gawin Mo ito sa Iyong Sariling bayan.”

²³ Sinabi ni Jesus, “Ang isang—isang propeta ay di nawawalan ng karangalan maliban sa kanyang sariling bayan.” At, siyempre pa, doon ka lumaki, at kung saan kilala ka ng mga tao. At doo'y mayroon Siyang isang—isang—isang masamang pangalan, unang-una na, na Siya'y ipinanganak nang walang makalupang ama. Tinawag nila Siyang “isang bastardong anak,” na si Maria ay buntis na bago pa niya pakasalan, nang pormal, si Jose. Ngunit, hindi ganun iyon, alam nating hindi ganun iyon.

²⁴ At sa Kasulatang ito, ang dahilan kaya napatingin ang mga mata ko rito, ay isang bagay na nangyari kamakailan lang sa Phoenix, Arizona. Huling araw 'yon noon, ng gawain kung saan mangangaral ako sa International Convention of the Full Gospel Business Men.

²⁵ At sa kumbensiyong ito roon ay may kasama kaming bisita, na isang obispong Katoliko, na—na kasapi ng “the Chaldean Rites of the Apostolic Catholic church; the Most Rev. John S. Stanley, O.S.D.” Siya ay ang “the archbishop of metropolitan United States,” sa simbahang Katoliko. Mangyaring *ito* ang kanyang kard at ang kanyang—at ang tawag sa kanya.

²⁶ At isa siyang bisita ng Christian Business Men, at nakita ko na siya roon, isang araw bago 'yun. At habang nagsasalita ako noong Sabado ng gabi, yata 'yun sa palagay ko, o Sabado ng umaga doon sa agahan, at ako. . . Habang ako'y nagsasalita, patuloy niya akong pinagmamasdan. Sa loob-loob ko, "Ang taong iyon ay talagang hindi sumasang-ayon sa lahat ng sinasabi ko." At, alam n'yo, iyong—talagang para mo nang nakikita siya; patuloy siyang patangu-tango, pero hindi ko alam kung ano ba ang talagang eksaktong nagpapaganun sa kanya.

²⁷ Kaya noong Linggo ng hapon, nang ako'y tumayo na para magsalita, hahanguin ko na noon ang aking paksa tungkol sa *Mga Paghilab Sa Panganganak*, kung saan sinabi noon ni Jesus, na, "Tulad sa isang babaeng naghihirap sa pagdadalantao," siya'y naghihirap sa panganganak. At ako nga'y mangangaral na mula roon, bilang, *Mga Paghilab Sa Panganganak*, ang siyang paksa, na sinasabi na ang sanlibutan ay nasa mga paghilab na ngayon sa panganganak. Ang dati ay kailangang mawala na, nang sa gayon ang bago ay maipanganak na; katulad lamang na ang isang—isang binhi ay kinakailangang mabulok, upang makapagbigay ng panibagong buhay.

²⁸ At kung paanong ang mga paghilab, mga paghilab sa panganganak ay dumarating na sa sanlibutan. Noong Unang Digmaang Pandaigdig, matindi ang naging paghihirap niya, dahil mayroon silang lason na gas noon, at kung anu-ano pa, na halos kayang wasakin ang mundo. At noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig naman, dumating na naman sa kanya ang panibagong, mas matinding paghihirap; mayroon silang mga bomba noon na malawak ang napipinsala, at pati bomba atomika. Hindi na niya kakayanin ang isa pang paghilab. Dahil sa mga missile na ito at mga ganung bagay ngayon, isa pang digmaan ay sasambulat na siya sa kalawakan, sapagkat magluluwal na siya ngayon. At magkakaroon na ng panibagong lupa. Sinabi ng Biblia na magkakaroon nga.

²⁹ Sa ilalim ng Mensahe ng bawat propeta, ang Israel ay nagkaroon ng paghilab sa panganganak, sapagkat ang mga propetang ito ay dumarating sa eksena pagkatapos na gawin ng mga teologo at mga ministro na denominasyon ay iglesya. At nang ang mga propetang iyon ay dumating sa eksena na may dalang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, niyugyog nila ang mga iglesyang iyon, at nakaramdam siya ng isang paghilab sa panganganak. Sa huli, nagtuloy-tuloy na ang mga paghilab sa panganganak hanggang sa mailuwal na niya ang isang Anak ng Ebanghelyo, na ang Mismong Salita na nagkatawang-tao.

³⁰ Kaya ang iglesya ay talagang nasa mga paghilab sa panganganak ngayong gabi, muli, para sa kapanganakan ng Anak, na ang Anak ng Diyos ay magbalik na muli. Lahat ng ating mga teologo, lahat ng ating mga sistema, lahat ng ating mga denominasyon, ay nabulok nang tuluyan sa ilalim

natin. Kaya nasa paghilab tayo sa panganganak, at ang isang Mensaheng mula sa Diyos ay laging dinadala ang iglesya sa mas matindi pang paghilab, ngunit pagkatapos ng ilang sandali ay magluluwal na siya ng isang Nobya. Na ipamumunga si Jesus Cristo sa Kanyang Nobya.

³¹ At, pagkatapos, iniisip ko noon na ang taong ito ay labis na hindi sumasang-ayon sa akin. Noong ako'y tumayo na para salitain ang Mensaheng ito, binuklat ko ang aking Biblia, para hanapin ang pahinang iyon.

³² At kabibigay lang noon sa akin ng asawa ko ng isang bagong Biblia, para sa Pasko. Ang dati kong Biblia ay mga labinlimang taon na, at 'yun ay halos magkapira-piraso na. Ang mga pahina, sa tuwing mabubuklat iyon, ay magsisiliparan mula rito. At, pero sadyang alam ko doon kung saan matatagpuan ang bawat Kasulatan, kaya lubos akong nag-aaral sa Bibliang iyon. At 'yung bago na lang ang kinuha ko, dahil 'yung isa ay masyado nang gulanit tingnan, para dalhin sa bahay-sambahan.

³³ At noong umpisahan ko nang buklatin sa San Juan, kung saan matatagpuan ang naturang Kasulatan, sinimulan kong basahin ang ika-16 na kabanata, at ang talata na hinahanap ko ay wala roon. Kaya sa loob-loob ko, "Nakapagtataka!" Binuklat ko ulit; wala pa rin doon.

³⁴ At si Kapatid na Jack Moore, na taga-Shreveport, Louisiana, na isang malapit kong kaibigan, siya'y nakaupo roon. Sabi ko, "Kapatid na Jack, hindi ba't makikita iyon sa San Juan 16?"

Sabi niya, "Oo."

³⁵ At ang paring Katolikong ito ay tumayo mula sa kanyang kinauupuan, mula sa mga isandaang mga ministrong nakaupo noon sa entablado; lumakad nang palapit sa akin, na suot-suot ang lahat ng kanyang mga ábitó at mga mahahabang kasuotan at mga krus, at iba pa, at lumapit nang husto sa akin. At sabi niya, "Anak ko, kalma ka lang, nakatak dang kumilos ang Diyos."

Naisip ko, "Isang Katolikong obispo magsasabi sa akin niyan?"

Sabi niya, "Basahin mo ito sa aking Aklat."

³⁶ At binasa ko ang naturang Kasulatan mula sa kanyang Aklat, at kinuha ang aking teksto at nagpatuloy, na ipinangaral ang aking sermon.

³⁷ Pagkatapos, nang matapos ako, tumayo siya pagkaalis ko, at sabi, "May isang bagay na kailangang mangyari. Pagkatapos niyon, kailangang makalabas ang iglesya mula sa kaguluhang kinalalagyan nito, o kaya'y kailangan nating makalabas mula sa kaguluhang kinalalagyan ng iglesya." Kaya nga, 'yung isa ba o 'yung isa pa.

³⁸ At nagbibiyahe na ako noon pauwi, pabalik sa Tucson, nang gabing iyon. Ang mga bata ay nanghihingi na ng sandwich,

at huminto ako para bumili ng sandwich sa isang maliit na tindahan. At sabi ng asawa ko, “Bill, hindi pa ako kailanman kinabahan nang husto sa buong buhay ko, nang makita kang nakatayo roon na nangangapa sa pagbuklat sa Bibliang iyon.” Sabi, “Hindi ka ba pinanerbiyos nun?”

³⁹ Sabi ko, “Hindi.” Sabi ko, “Alam kong naroon lang iyon sa kung saan doon. Hindi lang nila nailagay ang pahinang iyon. Isang maling pagkakalimbag iyon.”

⁴⁰ At sabi niya, “Ang isipin, na bigay ko pa naman sa iyo ang Bibliang iyon! Para bang ang lahat ng mga mata roon ay nakatingin mismo sa akin.”

⁴¹ At sabi ko, “Buweno, wala ka namang magagawa roon. Mali ang pagkakalimbag nun sa Biblia.” Sabi ko, “Hindi lang nila nailagay ang pahinang iyon.”

⁴² Buweno, naupo ako at tiningnan muli iyon, sadyang napakaayos naman; ngunit 'yung dulo ng ika-16 na kabanata, na bahagi, ang bahagi niyon ay nasa mga tatlong pulgada lang mula sa ibaba, doon sa ika-17 kabanata sa kabilang pahina, ay ganun din. At, dahil sa bagong Biblia 'yon, ang dalawang pahinang iyon ay nagkadikit nang husto, at bumabasa pala ako noon mula sa ika-17 kabanata imbes na sa ika-16. “Buweno,” sabi ko, “ayos lang lahat 'yon. Iyon ay para sa kung anong dahilan.”

⁴³ At sadyang kasing linaw na naririnig mo ang anumang tinig, isang Tinig ang dumating sa akin, at nagsabi, “Siya'y nagpunta sa Nazaret, kung saan Siya lumaki; at pumasok sa sinagoga, tulad ng Kanyang nakaugalian. At ibinigay ng saserdote sa Kanya ang Mga Kasulatan para basahin, at Kanyang binasa ang Isaias 61. At nang mabasa na Niya ang Mga Kasulatan, Siya'y naupo; isinauli ang Biblia sa saserdote, ang Aklat, at naupo. At ang lahat ng mga mata ng kongregasyon ay nakatingin sa Kanya. At mahahalagang Salita ang lumabas sa Kanyang bibig. At sabi Niya, ‘Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito.’”

“Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito.”

⁴⁴ Kung gaano kaeksakto talaga ang Kasulatan! Kung mapapansin n'yo ito sa Isaias 61:1 hanggang 2, ay kung saan nagbabasa ang ating Panginoon, sa Isaias 61:1 hanggang 2. Ngunit sa kalagitnaan ng ika-2 talata ng Isaias 61, ay huminto Siya. Kung saan sinabi, “Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasa Akin; upang ihayag ang kalugud-lugod na taon,” pagkatapos ay huminto na Siya. Bakit? 'Yung isa pang bahagi, na upang magdala ng kahatulan, ay hindi nakapatungkol sa Kanyang unang pagparito, kundi sa Kanyang pangalawang Pagparito. Kita n'yo, hindi ito nakapatungkol doon. Talagang di kailanman nagkakamali ang Mga Kasulatan! Laging sakdal ang Mga Ito. Huminto si Jesus kung saan lang huminto ang Kasulatan, 'pagkat iyon ang sakdal na patotohanan sa Kanyang panahon, ngayon, sa unang pagparito na iyon. Sa ikalawang Pagparito ay

magdadala Siya ng kahatulan sa lupa; ngunit hindi noon. Siya noon ay “ihahayag ang kalugud-lugod na taon.”

⁴⁵ Pansinin ang Mesiyas na nakatayo noon sa entablado, para ipakilala ang Kanyang Sarili bilang siyang Salita ng pangako para sa panahong iyon. Gaanong nakapagtataka, ang Mesiyas na nakatayo noon sa harap ng iglesya! At tingnan ang mahahalagang Salitang ito, nang sabihin Niya rito, “Upang ihayag ang kalugud-lugod na taon.”

⁴⁶ “Ang kalugud-lugod na taon,” gaya ng alam nating lahat, bilang mga nagbabasa ng Biblia, ay “ang taon ng jubileo.” Na, kapag ang lahat ng mga alipin at mga bilanggo, kung paanong sila’y, dinala, sa bilangguan; at kinailangang ibigay ang isang anak na lalaki, upang bayaran ang isang pagkakautang; o kaya’y isang anak na babae, upang bayaran ang isang pagkakautang, [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] at sila’y nasakop ng pagkaalipin. Gaano man katagal silang nasa pagkaalipin, o gaano man katagal silang dapat manatili roon; kapag dumating na ang taong iyon, ng jubileo, kapag tumunog na ang trumpeta, ang bawat tao ay maaari nang lumaya kung gusto niyang makalaya. [Blangkong bahagi sa teyp.] Ika’y malaya na. Hindi ka na alipin pa.

⁴⁷ Ngunit kung gusto mong manatili pa ring alipin, kung gayon ay kinakailangan kang dalhin sa templo, tatayo sa tabi ng poste ng templo, at at kukuha sila ng pambutas at bututasan ang iyong tainga, at pagkatapos ay kinakailangan mong pagsilbihan ang among iyon sa nalalabing araw ng iyong buhay.

⁴⁸ Talagang isang sakdal na halimbawa ito ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo! Kapag ito’y naipangaral, ang kalugud-lugod na panahon, at ang panahon ng Jubileo; ang sinumang tao, maging sino ka man, ano pa man ang kulay mo, ano mang denominasyon ka kabilang, gaano ka man nagpakalugmok sa kasalanan, o ano pa man ang problema sa iyo; maaari ka nang lumaya kapag narinig mong tumunog ang trumpeta ng Ebanghelyo. Malaya ka na!

⁴⁹ Subalit kung tatalikuran mo ang Mensahe at tumangging pakinggan Ito, pansinin, nabutasan na kayo sa tainga, sa pamamagitan ng pambutas. Ang ibig sabihin nun, para sabihin, na natawid mo na ang hangganan sa pagitan ng biyaya at paghatol, at hindi mo na maririnig pang muli ang Ebanghelyo. Hindi ka na makakalayo pa. Kinakailangan mo nang maging alipin sa sistema na kinapapalooban mo, sa loob ng mga nalalabing araw mo, kapag tumanggi kang makinig sa naturang kalugud-lugod na taon.

⁵⁰ Ngayon, ’yung isa pang bahagi nito, tulad nga ng sinabi ko, ay hindi na kailangan pang sagutin, sapagkat ang darating na Mesiyas na ito, sa isang panahon ngayon, ay kung kailan magdadala Siya ng kahatulan.

51 Ngayon, papaanong hindi nakita noon ng mga taong iyon kung Sino Siya? Papaanong napalampas nila iyon? Papaanong nagkaganoon, gayong napakalinaw naman itong naipakilala at naipakita? Papaanong hindi man lang nila nakita iyon? Gayong Siya...

52 Anong Salita! Isipin n'yo iyon, "Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa harapan ng inyong mga mata." Sinong nagsabi niyon? Ang Diyos Mismo, na Siyang tagapagpaliwanag ng Kanyang Sariling Salita. "Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito." Ang Mesiyas, Mismo, na nakatayo sa harapan ng kapulungkol sa iyon at nagbabasa ng Salita mula sa Biblia, na patungkol sa Kanya Mismo, at pagkatapos ay sinasabi, "Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito," at hindi pa rin nila Ito nakita.

53 Anong laking trahedya ang kahihinatnan niyon, subalit nangyari nga ito. Ito'y nangyari na nang maraming beses. Papaano mangyayari iyon? Siyempre, tulad ng nangyari na sa ibang mga panahon, dahil sa paniniwala sa pagpapaliwanag ng tao sa Salita. Iyan ang nagdulot nito. Yaong mga mananampalataya noong panahong iyon, na umano'y mga mananampalataya, ay tinatanggap ang pagpapaliwanag ng kung ano ang sinabi ng saserdote tungkol sa Kasulatan. Kung kaya't si Jesus, dahil hindi kabilang sa kahit anong mga hanay nila o sa kanilang mga samahan, Siya'y itiniwalag sa kanilang pangkat.

54 At, samakatwid, hindi nila Siya maiugnay sa kanila, sapagkat naiiba Siya sa kanila. Ang Persona ni Jesus Cristo ay talagang kakaiba na walang sinuman ang dapat na mabigong makita na iyon ang Anak ng Diyos, sapagkat Siya ang sakdal na pagkakakilanlan ng Kasulatan na naisulat tungkol sa Kanya.

55 Sa ganoong paraan nakikilala ang sinumang Cristiano, kapag ipinakilala ng kanyang buhay ang mismong mga bagay na dapat na gawin ng Cristiano.

56 Gaanong nagagawa Niyang tumayo roon at magsabi, "Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito mismo sa harapan ng inyong mga mata!" Gaano katangi-tangi, gaano kalinaw, at gayun pa ma'y hindi napag-unawa ng mga taong iyon. Bakit? Ay sapagkat tinanggap nila ang pagpapaliwanag ng isang kung anong orden ng mga saserdote na kanilang pinakikinggan.

57 At laging paulit-ulit lang ang kasaysayan. At ang Kasulatan ay May taglay na dalawa o higit pang pakahulugan, at dalawa o higit pang kaphayagan.

58 Halimbawa, tulad ng sinasabi sa Biblia, na, "Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang aking anak," na tumutukoy kay Jesus. Tingnan n'yo ang tala sa gilid niyan, at malalaman n'yo, na tumutukoy din ito kay Jacob, iisang Kasulatan. Si Jesus ay ang Kanyang higit na dakilang Anak. Si Jacob ang Kanyang anak na tinawag Niya palabas ng Egipto, na tinutukoy ng reperensiya

na Scofield at ng lahat ng iba pang reperensiya, sapagkat iyon ang Kasulatan na tinutukoy nito. Kung kaya't mayroon itong—dalawang sagot; may sagot ito na pagtawag kay Jacob palabas, at na pagtawag kay Jesus palabas.

⁵⁹ At gayon din nga ito ngayon! Ay sapagkat tayo'y nasa labis na kaguluhang kinasapitan na natin, at kaya nabigong makita ng mga tao ang Katotohanan ng Diyos, ay sapagkat napakaraming mga gawang-tao lang na pagpapaliwanag sa Salita ng Diyos. Hindi kailangan ng Diyos ng sino man para magpaliwanag ng Kanyang Salita. Siya ang Sarili Niyang tagapagpaliwanag.

⁶⁰ Sinabi ng Diyos, sa pasimula, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Hindi na iyon nangangailangan ng pagpapaliwanag.

⁶¹ Sinabi Niya, “Isang birhen ang maglililihi,” at siya nga. Hindi na iyon nangangailangan ng anumang pagpapaliwanag.

⁶² Kapag . . . Ang pagpapaliwanag ng Diyos sa Kanyang Salita ay kapag pinagtibay Niya at pinatotohanan Ito na gayun nga. Iyon ang Kanyang pagpapaliwanag, sa pamamagitan ng pagpapangyari rito. Naroon ang pagpapaliwanag ng Diyos, ay kapag pinapangyari Niya ang Kanyang Salita. Ipinapaliwanag Niya Iyon sa iyo.

⁶³ Tulad ng kung hindi pa nagkakaroon ng liwanag, at sinabi Niya, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon nga, hindi na niyon kailangan ng sinuman para ipaliwanag iyon.

⁶⁴ Subalit nahahaluan natin Ito ng mga sistemang gawa ng tao, at, kapag ginawa n'yo nga iyon, kayo—nakukuha n'yo Ito na ilihis sa linya. Ganoon na noon pa man.

⁶⁵ Subalit naiisip ko pa rin kung gaanong nakakapukaw ng pansin marahil iyon. Isipin n'yo, ang Mesiyas! Bakit hindi nila Siya nakita? Sapagkat, ang mga pinuno nila mismo na siyang dapat makakilala sa Kanya, na dapat sana'y mga bihasa sa Kasulatan, na dapat na mga nakakaunawa sa Mga Kasulatan, minaliit nila ang Taong ito at sinabi, “Isa siyang bastardong anak, sa—sa simula pa lang. Hindi natin paniniwalaan Iyon.”

⁶⁶ Lumipas ang mga taon, hindi natin iyon pinaniniwalaan. Tayo'y magbubuwis ng buhay alang-alang sa layuning maipahayag na Siya'y ipinanganak ng isang birhen.

⁶⁷ At mangyayari balang araw na, ang mismong mga bagay na nakikita nating ginagawa ni Jehovah ngayon, ang mga tao sa darating pang mga panahon, kung mayroon man, ay magbubuwis ng buhay para sa bagay na ating pinag-uusapan ngayon. Tiyak na gagawin n'yo iyon kapag dumating na ang tatak ng hayop, at hindi na kayo pahihintulutang mangaral ng Ebanghelyo sa ganitong paraan. Kapag ang malalaking kapisanan ng mga iglesya ay napagsama-sama na, na nakaayos na ngayon para sa pandaigdigang iglesya, kakailanganin mong

selyuhan ang iyong patotoo sa pamamagitan ng iyong sariling buhay, para Dito.

⁶⁸ Kailangan mong sampalatayanan Ito ngayon. Kung makakabangon lang ang mga saserdoteng iyon, na humatol sa Kanya, ay talagang hindi Siya hahatulan. “Subalit,” sasabihin mo, “kung naroon lang ako, *ganito-at-ganun* sana ang ginawa ko.” Buweno, hindi 'yun ang kapanahunan mo. Subalit, ito ang iyong kapanahunan, ito na ang pagkakataon na iyon.

Sasabihin mo, “Buweno, kung narito sana Siya!”

⁶⁹ Sinabi ng Biblia, “Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” ganoon pa rin, kaya naririto Siya. Subalit, Siya'y naririto. Kung paanong ang mundo ay naging sibilisado na, naging mas dakila, at mas edukado; naririto Siya sa anyo ng Espiritu, na hindi nila kayang paslangin o patayin. Namatay Siya nang minsan; hindi na Siya mamamatay pang muli. Kinailangan Niyang magkatawang-tao noon para mamatay ang Diyos sa laman, para sa kasalanan. Subalit sa pagkakataong ito ay hindi na Siya mamamatay pa; ang Espiritu Santo na Ito.

⁷⁰ Ngayon, papaanong maiisip na may mga ganoong bagay silang laban sa Kanya! Isa pang bagay, ayaw Niya noon makisali sa anuman sa kanilang mga hanay. Pagkatapos, nakita n'yo, ginawa pa rin Siyang isang masamang tao nun. Ayaw Niyang sumali sa kanilang—kanilang mga organisasyon, ayaw sumali sa kanilang pagkasaserdote, at ayaw Niyang magkaroon ng anumang kaugnayan dito. At pagkatapos, bukod pa talaga riyang, sinikap pa Niyang ibagsak noon kung ano ang kanilang itinayo.

⁷¹ Pumasok Siya noon sa templo. Tinatawag natin Siyang maamong Tao; gayun nga Siya, subalit maraming beses ay hindi natin napag-uunawa kung ano nga ba ang kaamuan.

⁷² Isa Siyang Taong mahabagin, subalit ganoon pa man hindi natin minsan maunawaan kung ano nga ba ang habag. Hindi ang makataong simpatya, hindi ito habag. Kundi, ang *habag* ay “pagtupad sa kalooban ng Diyos.”

⁷³ Dumaan Siya sa tipunan ng tubig ng—ng Betesda, sa may pintuan. Nakaratay ang mga tao doon, marami sa kanila. Ang karamihan ay walang tiyak na bilang. Subalit maraming nakaratay doon; mga lumpo, bulag, pilay, paralisado. At nahahabag Siya sa mga tao, lagi. At lumapit Siya sa isang tao na hindi naman lumpo, bulag, pilay, ni paralisado man; marahil may sakit siya sa prostate, marahil nagkaroon siya ng kaunting kapansanan na mabagal ang pagsulong sa isip. Taglay niya iyon ng tatlumpu't walong taon. Hindi naman 'yun makakaabala sa kanya, hindi naman niya ikamamatay. Siya'y nakaratay noon sa isang tiheras. At sinabi Niya, “Nais mo bang gumaling?”

⁷⁴ At sinabi ng lalaki, “Walang taong maglusong sa akin sa tubig, Ngunit nang papalapit na ako, buweno, lumusong na ang

isa na inunahan ako.” Kita n’yo, nakakalakad siya, nakakakita siya, nakakalibot-libot siya, pero sadyang mahina lang siya.

⁷⁵ At sinabi ni Jesus sa kanya, “Bumangon ka. Buhatin mo ang iyong highaan at umuwi ka na sa inyong bahay.” At sinita si Jesus tungkol doon, sapagkat maaalala n’yo na sinabi ng Kasulatan ang ganito.

⁷⁶ Hindi nakapagtataka! Kung Siya’y paririto sa Jeffersonville ngayong gabi at magsasagawa ng tulad niyon, pag-uusap-usapan pa rin nila Siya.

⁷⁷ Subalit, alalahanin, dumating Siya para gawin ang isang bagay, iyan ang kalooban ng Diyos. Ngayon, matatagpuan iyon sa San Juan 5:19, makukuha n’yo ang sagot. Sabi Niya, “Katotohanan, katotohanan, na sinasabi Ko sa inyo, hindi makakagawa ang Anak ng anuman sa Kanyang Sarili; kundi ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama, ito rin ang ginagawa ng Anak.”

⁷⁸ Ngayon, alam na dapat nila na iyon ay ang mismong pagpapatibay sa propesiya ni Moises, “Sapagkat palilitawin ng Panginoon ninyong Diyos ang isang Propetang gaya ko.”

⁷⁹ Napansin n’yo ba, nang makita Niya ang lalaking iyon, sinabi Niya . . . Alam ni Jesus na siya’y nasa ganoong kalagayan ng maraming taon na. Kita n’yo, bilang isang Propeta, nakita na Niya ang lalaking iyon sa ganoong kalagayan; at nagpunta roon at nagpasikut-sikot—nagpasikut-sikot Siya sa gitna ng mga taong iyon, nakikipaggitgitan sa karamihan, hanggang sa matagpuan Niya ang naturang lalaki.

⁸⁰ Nilampasan ang mga lumpo, pilay, bulag, at paralisado, gayunma’y isang Taong puno ng habag. Subalit, ang *habag* ay ang “pagtupad sa kalooban ng Diyos.”

⁸¹ Ngayon, napag-alaman natin na Siya, dahil ayaw Niyang sumali sa kanila, na ayaw Niyang magkaroon ng anumang kinalaman sa kanilang hanay, anopa’t isa Siyang itinakwil. Ayaw Niyang magkaroon ng anumang . . .

⁸² Maliban pa doon, pumasok Siya sa templo isang araw. Isang Tao na pumasok doon at nadatnan ang bahay ng Diyos na sadyang halos napakakontaminado na katulad ng kung ano ito ngayon. Sila’y bumibili doon, nagbebenta, nagpapalit ng salapi. At pinagtataob Niya ang mga lamesang may lamang salapi; kumuha ng mga lubid at pinagtiri-tirintas ang mga ’yon, at pinaghahampas ang mga nagpapalit ng salapi palabas ng templo. At galit na tiningnan sila, at sinabi, “Nasusulat,” aleluya, “ang bahay ng Aking Ama ay bahay ng panalanginan; at ginawa ninyo itong lungga ng mga magnanakaw. At kayo, dahil sa inyong mga tradisyon, ay niwalang kabuluhan ang mga utos ng Diyos.”

⁸³ Oh, magagawa ba talaga ng isang ganyang klase ng mga tao na sumampalataya sa Kanya? Hindi, po. Sila'y lubos nang nagmistulang baboy na naglublob sa putikan ng mga sosyalan at karumihan ng panahong iyon, hanggang sa lubusan na silang nanigas sa kalamigan ng kanilang iglesya hanggang sa hindi na nila maramdaman ang mga pagyugyog ng Kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Hindi kataka-takang magagawang mahipo nung munting babae ang Kanyang damit at napagaling siya Nito; at magagawang duraan ng isang lasing na sundalo ang Kanyang mukha at wala Siyang naramdamang bisa! Depende 'yun sa kung paano ka ba lumalapit Dito. Depende 'yun sa kung ano ba ang hinahanap mo. Kapag ikaw ay nagsisimba, depende 'yun sa kung ano ba ang hinahanap mo.

⁸⁴ Ngayon nakita natin Siyang nakatayo roon. Walang pag-aalinlangang nabalaan na siya ng mga tao, nabalaan na... binalaan na ng mga saserdote ang mga tao, "Ngayon paririto Siya sa susunod na Sabbath dito, at, kapag Siya'y dumating, huwag n'yo Siyang pakinggan. Ngayon, maaari kayong dumalo at umupo rito, pero huwag n'yong pansinin kung ano ang sasabihin Niya, dahil hindi Siya kabilang sa ating grupo. Isa Siyang itinakwil. Wala siyang fellowship card. Ni wala nga rin siyang organ-...dalang papeles ng organisasyon. Wala siyang anumang ganun."

"Ano po ba siya?"

⁸⁵ "Isang rebeldeng kabataan na ipinanganak sa dako rito, ipinanganak na bastardo, sa tahanan ng isang karpintero, na ipinaglihi Siya ng isang ina bago pa sila ikasal, at sinisikap nilang pagtakpan ang naturang bagay sa pamamagitan ng kung anong supernatural na bagay.

⁸⁶ "Alam naman natin na, kapag dumating ang Mesiyas, Siya'y papanaog sa mga daanan ng Langit at paroroon sa ating punong saserdote at sasabihin, 'Narito na Ako, Caifas.'" Subalit nalaman natin na hindi Niya ginawa iyon sa ganoong paraan, sapagkat hindi iyon nakasulat sa Salita na sa ganoong paraan. Tradisyong gawa ng tao ang nagpapaniwala sa kanila niyon.

⁸⁷ Sinabi ng Salita na darating Siya kung paano lang Siya talaga darating. At hayun nga Siyang nakatayo roon, na binabasa ang Salita, at sinasabi sa kanila, "Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa harapan ng inyong mga mata." At nabigo pa rin silang makita Siya o makilala Siya, tulad nila noon sa lahat ng iba pang mga kapanahunan.

⁸⁸ Maaaring sinabi rin 'yun ni Noe, noong araw na pumasok siya sa daong at nagsara ang pintuan. Itinaas marahil ni Moises ang bintana sa ituktok ng daong, dumungaw sa kapulungan... Alalahanin, isinara ng Diyos ang naturang pintuan. At maaaring sinabi niya, "Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa inyong paningin," subalit huli na para sa kanila noon.

Siya'y nakapangaral na ng isandaan at dalawampung taon, upang sikapin na mapapasok sila sa sasakyang-pandagat na iyon na kanyang ginawa, na sinasabi sa kanila na ang sabi ng Kasulatan, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, uulan," subalit naghintay sila nang napakatagal. Subalit napakadaling masasabi ni Noe na, "Ngayon, sa araw na ito, ay naganap ang Kasulatan."

⁸⁹ Si Moises, nang araw ding iyon na bumaba ang Haliging Apoy sa bundok ng Sinai at nagpatotoo sa kanyang testimonya, maaaring nasabi ni Moises, "Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito."

⁹⁰ Si Moises, alam n'yo na, ay isang tinawag na tao ng Diyos, isang propeta. At habang tinatawag siya, na bilang isang propeta, kinakailangan niyang magkaroon ng supernatural na karanasan. Upang maging isang propeta, kinakailangan niyang makatagpo ang Diyos nang mukhaan at makipag-usap sa Kanya. At isa pang bagay, kung ano ang sinabi niya ay dapat na maganap, kung hindi ay wala sanang naniwala sa kanya.

⁹¹ Kaya walang tao ang may karapatan na tawagin ang sarili niyang ganoon hanggang sa makausap na niya nang mukhaan ang Diyos, doon sa likod ng isang disyerto sa kung saan man, kung saan nakatagpo niya ang Diyos, siya mismo. At ang lahat ng mga ateista sa mundo ay hindi kayang pangatwiranan sa kanya na bale-wala lang iyon; naroon siya, alam niyang nangyari iyon. Ang bawat Cristiano ay dapat na magkaroon muna ng ganoong karanasan bago sila magsalita ng anumang bagay tungkol sa pagiging isang Cristiano. Ang talagang sarili mong karanasan!

⁹² Kinausap ko ang aking pamangking lalaki, kani-kanina lang, isang kalugud-lugod na Katolikong kabataan, na nagsabi, "Tito Bill, kung saan-saan na ako nakarating, pumupunta sa kahit saang dako, nagsisikap na makasumpong ng isang bagay." Gabi-gabi, bago magsimula ang pagtitipong ito, siya'y umiiyak. At sa gabi, nakakapanaginip siya ng mga panaginip na pumapasok siya, tumatakbong patungo sa altar, kung saan may nangangaral, at nangungumpisal na siya'y nagkamali.

⁹³ Sabi ko, "Melvin, kahit saang lugar mo man sikaping pumunta, gaano man karaming iglesya ang aniban mo, gaano man karaming 'Aba Ginoong Maria,' ang bigkasin mo, o gaano man karaming basbas ang tanggapin mo mula sa mga tao, kailangan mong maipanganak na muli ng Espiritu ng Diyos. Iyon lang ang tanging bagay na magbibigay-kasiyahan sa puso ng tao."

⁹⁴ Iyon ay, alam kong may panghalili sila, sa panahon ngayon, sa pagiging isang ipinanganak na muli, ang makipagkamay ka lang sa mangangaral at ilagay ang pangalan mo sa libro. Subalit, mga kaibigan, iyon ay isang dogma. Hindi iyon Katotohanan ng Biblia. Kung gayun nga ito, ang Mga Gawa ng mga Apostol, doon

sa ika-2 kabanata, ay dapat na ganito sana ang nakasulat, “Nang dumating nga ang Araw ng Pentecostes, lumabas ang pastor at nakipagkamay sa mga tao.”

⁹⁵ Kundi ang sabi, “Nang dumating nga ang Araw ng Pentecostes,” noong pasinaya ng Iglesya, “dumating mula sa Langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay kung saan sila’y nakaupo.” Sa ganoong paraan dumating ang Espiritu Santo sa unang pagkakataon. Ganun Itong dumarating palagi simula noong panahong iyon. Siya’y Diyos, at hindi nagbabago. Ngayon, kinatitisan Ito ng mga tao.

Sinasabi nila, “Iyon ay para sa ibang panahon.”

⁹⁶ Buweno, Siya’y ganoon pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sa tuwing natatanggap ng Iglesya ang Banal na Espiritu, dumarating Ito palagi na tulad nang una Siyang dumating, sa ilalim ng dati pa ring preskripsyon, Ang Mga Gawa 2:38; na hindi kailanman nagbago, hindin-hindi magbabago.

⁹⁷ Tulad ng preskripsyon ng isang doktor para sa isang sakit. Magsusulat siya ng reseta para sa isang sakit, ganun nga ang ginagawa ng doktor. At dadalhin naman ito sa isang nagkukunwang parmasyutiko, at kung hindi ganun kadaming gamot-pangontra ang ilalagay niya dito, napakahina nito na wala itong maidudulot na mabuti sa iyo; kung maglalagay naman siya ng labis na pangontra dito, ito’y papatay naman sa iyo. Kinakailangang masunod ito nang ayon lamang sa doktor.

⁹⁸ At ang preskripsyon ng doktor kung paano matatanggap ang Banal na Espiritu ay ibinigay sa atin ni Doktor Simon Pedro, noong Araw ng Pentecostes. “Bibigyan ko kayo ng preskripsyon. Magsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ang preskripsyon ay para sa kanila na nangasa malayo, at maging gaano man karami ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.” Ang Walang Hangang preskripsyon!

⁹⁹ Nagkaroon ng ganitong karanasan si Moises noon. Nagpunta siya doon sa bansang iyon at nagsimula siyang sabihin sa mga tao, “Nakatagpo ko ang isang Haliging Apoy. Iyon ay nasa isang nagniningas na palumpong. At sinabi Niya sa akin na sabihin ko sa inyo, ‘AKO YAONG AKO NGA. Yumaon ka; Ako’y sasaiyo. Dalhin mo ang tungkod sa iyong kamay at hawakan mo itong nakataas doon sa Egipto; ano man ang hilingin mo, ay mangyayari ito.”

Buweno, marahil ay may kung sinong saserdote ang nagsabi, “Walang kuwenta!”

¹⁰⁰ Subalit nang kanilang makita ang mga tunay na pangyayari nito, na natupad, na nangyari, hindi na nila ito mapigilan pa. Alam nilang siya’y isinugo ng Diyos.

¹⁰¹ Kung gayon, kung sinabi ni Moises na nakita niya iyon, at nagpatotoong ito'y siyang Katotohanan, kung gayon ay obligado ang Diyos, kung iyon ang Katotohanan, na kilalanin at pagtibayin ang salita ng taong iyon, bilang siyang Katotohanan. Totoo 'yun.

¹⁰² Kung tumayo doon si Jesus Cristo at binasa, noong araw na iyon ang, "Ngayo'y naganap ang Salitang ito sa harap n'yo," obligado ang Diyos na papangyarihin ang Salitang iyon.

¹⁰³ Nakatayo tayo ngayong gabi rito at sinasabi, na, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Obligado ang Diyos na patotohanan na ganoon nga 'yon, sapagkat Ito'y Kanyang Salita. Ngayon, ano ang ginagawa nito? Nangangailangan ng pananampalataya, sa paniniwala Rito. Kinakailangan ang pananampalataya, sa paniniwala sa Kanyang Salita, na Ito nga ay ang Katotohanan.

¹⁰⁴ Pansinin kung ano ang naganap noong ilabas ni Moises ang mga anak, at ang lahat nung mga sumunod sa kanya. Ang mga hindi sumunod ay nanatili sa Egipto. Subalit 'yung mga sumunod kay Moises, nang sila'y magsilabas sa Dagat na Pula at mapunta sa ilang, ay bumaba ang Diyos sa Bundok ng Sinai. Pinagliyab ng Haliging Apoy na iyon ang buong kabundukan, at isang Tinig ang nangusap mula roon, at ibinigay ng Diyos ang sampung utos.

¹⁰⁵ Naglakad marahil si Moises doon sa harap ng bayan, at nagsabi, "Ngayon ang Kasulatan na sinabi ko sa inyo, bilang Kanyang propeta, ay mangyayari sa araw na ito. Sinabi ko sa inyo na kinatagpo ako ng Diyos, at doon sa nagniningas na palumpong, sa isang Haliging Apoy, at sinabi Niya ang ganito, 'Aking. . . Ito'y magiging isang tanda. Dadalhin mo ang bayan pabalik mismo sa lugar na itong muli.' At naroon ang Diyos, sa siya ring Haliging Apoy na sinabi kong kinaroroonan Niya, na nasa ibabaw mismo ng bundok. Ngayo'y naganap ang propesiyang ito. Narito Siya para pagtibayin na ang mga bagay na sinabi ko ay ang Katotohanan."

¹⁰⁶ Bigyan pa nawa tayo ng Diyos ng mga kalalakinghan ganon, na totoo at matapat, at nagsasabi ng Katotohanan, na mapatototohanan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat na ang Kanyang Salita ay nananatiling Katotohanan! Siya'y nananatili pa ring siyang kahapon, at magpakailanman. Bakit naman Niya hindi ito gagawin? Ipinangako na Niyang gagawin ito.

¹⁰⁷ Maaaring ganun din ang nasabi ni Josue, noong araw na makabalik siya sa Kadesh-barnea, kung saan sila'y naglakbay nang napakalayo doon sa ilang. Pinag-aalinlanganan nila na ang naturang lupain ay ang uri nga ng lupain na sinabi ng Diyos na magiging ganoon nga. Subalit sinabi ng Diyos na ito'y mabuting lupain, inaapawan ito ng gatas at pulot. At sina Josue at Caleb lang ang dadalawang maniniwala rito, mula sa iba pang sampu

na umalis. Nang sila'y makabalik na, dala na nila ang katibayan; mayroon silang isang bungkos ng ubas na dalawang malalakas na lalaki lang ang makakabuhat.

¹⁰⁸ Maaaring tumayo roon mismo sina Josue at Caleb at sinabi, “Ngayo’y naganap ang Kasulatang ito. Narito ang katibayan na iyon nga ay isang mabuting lupain.” Tiyak nga. Bakit? “Hayan ang katibayan na iyon ay isang mabuting lupain. Saan kayo kailanman makakakuha ng ganyang mga bagay na tulad niyan, sa Egipto? Walang ganoong mga lugar. Subalit sa araw na ito’y naganap ang Kasulatang ito.”

¹⁰⁹ Maaaring nasabi niya ang bagay na 'yon, din naman, nang magpropesiya siya at sinabing babagsak ang mga pader ng Jerico pagkatapos nilang makapagmartsa paikot nang pitong beses, pitong araw, pitong beses kada araw. At nang sila'y magmartsa paikot niyon sa huling pagkakataon, ay bumagsak ang mga pader. Maaaring tumayo si Josue noon at nagsabi, “Sa araw na ito, ang Pangulong Kapitan ng hukbo ng Panginoon na nagsabi sa akin ilang linggo na ang nakalipas na mangyayari itong tulad nito, ngayo’y naganap ang Kasulatang ito.” Naroong nakabagsak ang mga pader, na napatag na sa lupa. “Tayo na, kubkubin na natin ito. Sa atin ito. Ngayo’y naganap ang Kasulatang ito.”

¹¹⁰ Gaanong kamangha-mangha, na nanindigan ang mga tao ng Diyos para sa mga bagay na tama!

¹¹¹ Ang Israel, doon sa ilog, nang kanilang ariin ang lupain, ay tumawid na. Paano kaya nila gagawin iyon? Buwan iyon ng Abril. Rumaragasa nang pababa ang mga baha dahil natutunaw na ang niyebe, doon sa Judea. Oh, para bang ang hina namang heneral ng Diyos, para dalhin ang bayan Niya roon, sa buwan ng Abril, kung kailan ang Jordan ay higit na mataas kumpara sa dati nang taas nito. Kung minsan . . .

¹¹² Maaaring makahinto ako rito, kung may oras pa ako, para bigyan ko kayo ng kaunting tip. Kung minsan maaaring kayo ay nakaupo riyan na may kanser, o nakaupo marahil kayong may sakit; iniisip n'yo, “Bakit, ako, na isang Cristiano, ay magkakaganito? Bakit ako nakaupo nang ganito, kung Cristiano ako?” Kung minsan hinahayaan ng Diyos na magdilim nang husto ang mga bagay-bagay hanggang sa hindi n'yo na makita ang itaas, ang paligid, o ang kung saan pa man, at pagkatapos Siya'y dumarating at gumagawa ng daan dito para sa inyo, upang masabi n'yo, “Ngayo’y nagaganap na ang Kasulatang ito, na Kanyang ipinangakong gagawin.”

¹¹³ Hinayaan Niya ang mga anak na Hebreo na maglakad mismo sa hurno ng nagniningas na apoy. Sabi nila, “Kaya kaming iligtas ng aming Diyos mula sa apoy na ito sa hurno. Subalit, gayunpaman, hindi kami yuyukod sa iyong rebulto.” Nang lumabas sila roon, na may amoy ng hurno sa kanila . . . na walang

amoy ng hurno, pala, sa kanila; maaaring nasabi nila, “Ngayo’y naganap ang Kasulatang ito.”

114 Nang lumabas si Daniel mula sa yungib ng mga leon, nasabi rin niya marahil ang ganoon.

115 Si Juan Bautista. Pagkatapos ng apat na raang taon ng maka-simbahang katuruan, hindi kataka-takang magulo ang iglesyang iyon nang panahong iyon! Noong magpakita siya doon sa ilang, sa Jordan, marahil ay tumayo mismo siya roon sa pampang, tulad ng ginagawa niya noon, at sinabi, “Ngayon ang Kasulatang ito, Isaias 40, ay naganap na.”

116 Gaanong makahihinto ako rito at sabihin sa inyo kung ano ang sinabi sa akin nung matandang pari! Sabi, “Anak, hindi mo natapos ang Mensaheng iyon.”

Sabi ko, “Sige lang.”

Sabi niya, “Tbig mong sabihin hindi ’yan nakikita nung mga Pentecostal?”

Sabi ko, “Hindi.”

117 Sabi niya, “Nakikita ko ito.” At isang Katolikong pari, pa man din! Uh-huh. Sabi niya, “Bakit hindi ka nagpatuloy?”

Sabi ko, “Sige lang.”

Sabi niya, “Luwalhati sa Diyos! Nakikita ko ito.”

118 At nang mga oras na iyon ay bumaba ang Banal na Espiritu sa kanyang kapatid na babae, na noo’y nakaupo roon sa pagpupulong. At tumayo siya, na nagsasalita sa iba’t ibang wika, at ibinigay ang paliwanag ng mismong bagay na pinag-uusapan namin nung naturang pari, doon sa entablado. Ang buong iglesya, ang buong lugar, ay umugong sa hiyawan. Nagpatuloy na umabot hanggang sa kumbensyon ni Oral Roberts noong nakaraang linggo, o noong linggo bago nitong huli, at naging usap-usapan sa kumbensyon. Kung paano na ang paring iyon . . . Na nakapasailalim sa Espiritu Santo, ay nahayag doon sa pamamagitan ng isang babae, kapatid niyang babae yata iyon sa palagay ko, tungkol sa nangyayari doon sa entablado, at inihayag ang bagay na iyon na aming inililihim noon.

119 Ang oras na ating kinabubuhayan, ngayo’y naganap ang Kasulatang ito. Sa araw na ito ay dumating na ang mga Liwanag sa gabi, at hindi natin makita Ito. Pansinin.

120 Sabi ni Juan, “Sa araw na ito ay ako ‘ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang,’ tulad ng sinabi ni propeta Isaias. Ihanda ninyo ang daan para sa Panginoon!”

121 Hindi nila iyon naunawaan. Sasabihin, “Oh, ikaw si Jesus . . . ika’y—ikaw ang Cristo,” pala.

122 Sabi niya, “Hindi ako ang Cristo.” Sabi niya, “Hindi ako karapat-dapat na magkalag ng Kanyang panyapak. Subalit,” sabi niya, “Siya’y nakatayo sa gitna ninyo, sa isang dako,”

sapagkat tiyak siyang paroroon nga Siya. Siya'y paroroon sa kanyang panahon, sapagkat sinabi ng Diyos sa kanya na siya ang magpapakilala sa Mesiyas.

¹²³ Isang araw isang kabataang Lalaki ang dumating na naglalakad padaan doon, at nakakita siya ng isang parang Ilaw sa ulohan Niya, isang tanda. At sumigaw siya, "Narito ang Kordero ng Diyos! Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa harapan n'yo." Tiyak nga.

¹²⁴ Noong Araw ng Pentecostes, kung paanong tumayo si Pedro at binanggit ang kanilang Kasulatan, ng Joel 2:38. Samantalang, silang lahat ay nagtatawanan, ang mga taong iyon. Hindi sila makapagsalita ng kanilang sariling wika. Sila'y nagdadadaldal ng ibang bagay. Ang sabi ng Biblia, "Mga nagkabaha-bahaging dila." Ang *nagkabaha-bahagi* ay isang "nahati" na dila, hindi 'yung walang sinasalita, mabilis lang ang pagsasalita. Mga nagpaparoo't parito na parang isang grupo ng mga lasing na tao!

¹²⁵ Sabi nilang lahat, "Buveno, lasing ang mga taong ito. Tingnan n'yo nga sila, tingnan n'yo kung paano sila kumikilos, kung paanong ganun silang mga babae't lalaki. Mga magugulo sila," sabi nung relihiyosong grupo noong panahong iyon.

¹²⁶ Tumayo si Pedro sa gitna nila, sabi, "Mga kababayan at mga kapatid, kayong mga nananahan sa Jerusalem, at kayong mga nananahan sa Judea, mangaalaman nawa ninyo na ang mga taong ito ay hindi mga lasing, na gaya ng inyong inaakala, yamang ngayo'y oras ng ikatlo lamang ng araw. Datapuwat ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel, 'Mangyayari sa mga huling araw, na Aking ibubuhos ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.' Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito." Sigurado.

¹²⁷ Si Luther ay nasa eksaktong panahon noon. Si Wesley ay nasa eksaktong panahon noon. Ang Pentecostes ay nasa eksaktong panahon noon. Walang hindi nakahanay.

¹²⁸ Ngayon hinihiling ko sa inyong isaalang-alang ang kapanahunan at oras na ating kinabubuhayan ngayon, sa ipinangakong Salita para sa araw na ito. Kung doon sa mga ibang kapanahunan noon, ay masasabi ng mga tao, "ngayon ang Kasulatang ito," "ngayon ang Kasulatang ito," kung ganoon paano naman ang Kasulatan para sa araw na ito? Ano ba ang ipinangako para sa araw na ito? Saan na tayo nakatayo? Anong oras na ang kinabubuhayin natin; samantalang pumipintig na ang orasan, ang maka-agham na orasan, na tatlong minuto na lang bago maghating-gabi? Nanginginig na ang sanlibutan. Nasa higaaan na ng kabulukan ang iglesya. Doon ay walang nakakaalam kung saan na sila nakatayo. Anong oras na ba ng araw ito? Paano naman ang Kasulatan para sa araw na ito? Ang mga kalagayan ng iglesya, o, ang mga kalagayan ng iglesya ngayon!

¹²⁹ Sa sanlibutan, sa pulitika, ang ating sistema sa sanlibutan, ay talagang bulok na bulok na. Hindi ako pulitiko. Ako'y isang Cristiano. Subalit, wala akong pakialam sa usapang pampulitika, ngunit gusto ko lang sabihin na sila'y parehong mga bulok sa magkabilang panig.

¹³⁰ Bumoto ako minsan, iyon ay para kay Cristo; tiyak akong mananalo. Bumoto laban sa akin ang diablo, at bumoto si Cristo para sa akin; depende sa kung saan ko ilalagak ang aking boto. Ako'y nagagalak na inilagak ko ito sa Kanya; sabihin na ng sanlibutan kung ano ang gusto nila. Naniniwala pa rin akong Siya'y nananatiling siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Patutunayan Niya ito. Tiyak na gagawin Niya. Tiyak nga.

Dumarami na talaga ang krimen, ang pagkadelingkwente ng mga kabataan!

¹³¹ Tingnan n'yo ang bansa natin, na minsang naging bulaklak ng mundo. Ang dakilang demokrasya natin na naitatag noon sa—noon sa . . . sa pagpapahayag ng kalayaan. At nilagdaan noon ang pagpapahayag ng kalayaan, at nagkaroon tayo ng demokrasya. At sa ating mga dakilang ninuno, at ang mga bagay na ginawa nila noon; isang dakilang bansa ang meron tayo noon.

¹³² Subalit nabubulok na siya ngayon, at gumuguho, at nayayanig, at bumibigay na. At pinipilit na buwisan ang mga tao, para makakuha ng pera para ipadala sa malayo, upang bumili ng pakikipagkaibigan sa kanilang mga kaaway; ibinabato naman nila ito pabalik sa ating mga mukha. Unang digmaang pandaigdig, ikalawang digmaang pandaigdig, at patuloy pa ring kumikilos patungo sa pangatlo na. Sigurado. Bulok ang pulitika, marumi na, bulok na hanggang sa kailaliman. Sadyang eksakto sa kung ano ang sinabi ng Mateo 24 na magiging kahihinatnan nito, “Ang bansa ay magiging laban sa bansa, ang kaharian laban sa kaharian.” Ang lahat ng mga bagay na ito ay magaganap. Isaalang-alang na natin ito ngayon. Sige.

¹³³ Pansinin ang isa pa, ang paglago ng maka-aghams na pananaliksik. Ngayon, isang beses, isa lamang. . . Nagpunta noon ang lolo ko para makipagkita sa lola ko, sa isang kariton ng baka. Ngayon eroplanong jet na, o maging pag-ikot pa nga sa ere, patungo sa labas ng kalawakan. Ang dakila nitong. . . Paano, sinong nagsabi nito? Ang Daniel 12:4, ay nagsabi, “Ang karunungan ay lalago sa mga huling araw.” Nakikita na natin ang oras na kinabubuhayan natin. Pansinin ngayon ang—ang kalagayan ng sanlibutan, ang kalagayan ng agham.

¹³⁴ At pansinin muli, ngayong araw, diyang sa ating sistemang pang-edukasyon. Ngayon huwag nang sikaping itanggi ito. Mayroon akong mga balitang ginupit, tungkol sa pagtuturo ng sex sa ating simba- . . . sa ating mga paaralan, ng mga batang

mag-aaral na magkaroon ng seksuwal na ugnayan sa isa't isa, para makita kung puwede silang makipag-asawahan sa sanlibutan. Siyanga, po.

¹³⁵ Paano naman sa ating kaparian? Ngayong gabi mayroon akong isang artikulo na mula sa diyaryo. Doon sa dako ng Los Angeles, California, kung saan isang grupo ng mga mangangaral, na mga Baptist at mga Presbyterian, na mga ministro, ang nagdala ng isang grupo ng mga homoseksuwal at nagsagawa ng pagka-homoseksuwal, na ang sabi'y sinisikap daw nilang akayin ang mga ito sa Diyos. Samantalang, isa 'yan sa mga sumpa ng panahong ito, ang isang Sodomita! At hinuli pa nga sila ng mga pulis.

¹³⁶ Ngayon nasaan na tayo? Nabulok na sa ilalim natin ang buong sistema natin. Nakita ko ang pagdami ng mga homoseksuwal sa buong Estados Unidos na dalawampu o tatlumpung porsiyento ang inihigit kaysa noong nakaraang taon. Isipin n'yo nga iyon, lalaki na nakikipagrelasyon sa kapwa lalaki, sadyang kagayang-kagaya ng ginagawa nila noon sa Sodoma.

¹³⁷ Dumadami na talaga ang krimen, ang pagkadelingkwente ng mga kabataan! Anong oras na ba ang kinabubuhayin natin? Ngayo'y naganap ang Salitang ito ng propesiya.

¹³⁸ Ang mundo ng relihiyon, ang iglesya mismo, ang iglesya, ang tinawag-palabas na iglesya, na tinatawag nating ang tinawag-palabas na iglesya, ang huling kapanahunan ng iglesya, ang kapanahunan ng iglesyang Pentecostal, nasaan ba ito? Ito'y nasa Laodicea, tulad ng sinabi ng Kasulatan.

¹³⁹ Ngayon ay ibinaba na nila ang pamantayan. Halos wala nang suot ang kanilang kababaihan. Ang kanilang mga kalalakihan ay. . . Ito'y nakakapangilabot na na bagay. Ang iba sa kanila na nag-asawa na nang tatlo o apat na beses, nasa mga kapulungan pa nga ng mga diakono, at lahat na. Nagpabaya na sila, at nagpasok na ng kabulukan, sapagkat naupo sila sa naturang mga kapulungan at piniling pumanig sa sanlibutan.

¹⁴⁰ At, ngayon, may mga mas magagandang gusali na sila ngayon higit kailan pa man. Sa isang lugar nga, ang isa sa kanila ay nagtatayo ng isang limampung milyong dolyar na awditoryum, limampung milyong dolyar. Mga Pentecostal! Naroon lang iyon dati sa may sulok, limampung taon na ang nakakaraan, na pumapalo ng isang tamburin. Sabi, "Kami. . ."

¹⁴¹ Sapagkat, sinabi ng Kasulatan, sa Apocalipsis 3, na ikaw ay "'Mayaman,' sabi, 'Ako'y mayaman. Nakaupo akong reyna. Hindi ako nangangailangan ng anumang.' At hindi mo nalalamang ikaw ay aba, kahabag-habag, dukha, hubad, bulag, at hindi ito nalalaman!"

¹⁴² Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa inyong paningin. Amen! Ang *amen* ay nangangahulugang "siya nawa." Hindi ko

inaamenan ang aking sarili, kundi ang ibig kong sabihin ay naniniwala akong Ito'y ang Katotohanan. Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito.

¹⁴³ Ang iglesyang Pentecostal ay nasa kalagayang mala-Laodicea. Oh, nagsisilundag pa rin sila at humihyaw, at nagwawala kapag tumutugtog ang musika. Kapag humihinto na sa pagtugtog ang musika, o ang beatnik na musika na tinutugtog ng ilan sa kanila at tinatawag itong Cristianismo, at sa tuwing humihinto iyon, ay nawawala nang lahat ang kaluwalhatian. Oo.

¹⁴⁴ Kung totoong pagpuri nga ito sa Diyos, walang sapat na mga pito, at sapat—sapat na kapangyarihan sa sanlibutan para patigilin ito. Kapag talagang galing ito sa Diyos, hindi na kinakailangan pa ng musika para mapasigla. Kinakailangan ang Espiritu ng Diyos para bumaba rito. Iyon ang gumagawa nito.

¹⁴⁵ At matagal na nilang nakalimutan Ito, sapagkat inuri na nila ang Banal na Espiritu, bilang “paunang katibayan ng pagsasalita sa iba't ibang wika.” At narinig ko na ang mga diablo at mga mangkukulam na nagsalita rin sa iba't ibang wika.

¹⁴⁶ Ang Banal na Espiritu ay ang Salita ng Diyos na nasa inyo, na ipinakikilala ang Sarili Nito sa pamamagitan ng pagtanggap sa Salitang iyon. Maliban doon, hindi na ito maaaring maging ang Banal na Espiritu. Kung sinasabi nitong ito'y ang Espiritu Santo, at itinataggi ang isang Salita ng Bibliang iyan, hindi ito maaaring maging ang Espiritu Santo. Iyon ang katibayan kung naniniwala nga ba kayo o hindi.

¹⁴⁷ Pansinin ang isa pang dakilang tanda. Ang mga Judio ay nasa kanila nang sariling lupain; sa sarili na nilang bayan, sarili nilang pera, isa nang kasapi ng United Nations. May sarili na silang hukbong sandatahan. Mayroon na sila ng lahat ng bagay. Sila'y nasa kanila nang sariling lupain; na, sinabi ni Jesus, “Pag-aralan n'yo ang talinghaga ng puno ng igos.” Hayun na sila, balik na mismo sa kanilang sariling bayan. Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito, ang mga Judio ay nasa kanilang sarili nang lupain.

¹⁴⁸ Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito, ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea.

¹⁴⁹ Ngayon ang Kasulatang ito, ang Mateo 24, ay naganap na. Ang sanlibutan ay nasa isa nang pagkabulok, ang lahat-lahat tungkol dito; mga bansa laban sa mga bansa, mga paglindol sa iba't ibang dako, malalakas na mga ipuipo na bumababa, inuuga ang mga bansa, at iba pa, matitinding mga kalamidad sa lahat na ng dako. Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito.

¹⁵⁰ Ngayon nalaman natin ang kalagayan ng sanlibutan. Nakikita natin kung saan ang karaniwang iglesya, karaniwan... Organisasyon, denominasyon, nakikita natin kung saan na sila naroroon. Nakikita natin kung saan na

naroroon ang mga bansa. At nakikita natin na sa araw na ito ay naganap ang mga pangakong ito.

¹⁵¹ Ngayon, subalit sa panahong ito ay may darating na isang makapangyarihan, na Maharlikang Binhi ni Abraham. Iyon ang eksaktong magiging kung ano nga Ito, magiging Maharlikang Nobya para sa Maharlikang, ipinangakong Anak. Tulad ng ipinangusap ko kagabi, hindi ito magiging natural na binhi, ito'y magiging espirituwal na Binhi. Merong lilitaw na isang Espirituwal na Nobya, na siyang magiging Maharlikang Binhi ng maharlikang Pananampalataya ng Maharlikang Anak ni Abraham. Siya'y lilitaw sa eksena sa mga huling araw, at ang panahon at ang lugar ay isang pangako na ibinigay sa Kanya.

¹⁵² Ayon sa Malakias 4, sa isang Kasulatan, ay may isang Mensaheng lilitaw na yuyugyog sa mga puso ng mga tao pabalik na muli mismo sa mga apostolikong magulang. May isang lilitaw sa eksena, sa kapangyarihan ni Elias, na lilitaw sa eksena; isang taong maka-ilang na lalabas, at magkakaroon ng isang Mensahe na direktso mismong tumuturo pabalik sa Salita. Iyan ang oras na ating kinabubuhayan.

¹⁵³ Kung gayon, isaalang-alang ngayon, hinihiling ko sa inyo sa oras na ito, kayong mga naririto na taga-Jeffersonville. Noong 1933, ang supernatural na Liwanag na bumaba doon sa ilog, nang araw na iyon noong nagbabautismo ako ng limandaan sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang mga nasa dalawampung taong gulang na kabataan pa noon. Ano ba ang sinabi Nito, Jeffersonville? Ano ba Iyon nun na nasa paanan ng Spring Street doon, noong ang *Courier Journal*, sa palagay ko'y ang *Louisville Herald* iyon, ang naglathala ng artikulo tungkol Dito? Diretsong nakarating ito sa Associated Press, patungo hanggang sa Canada. Ginupit 'yon ni Doktor Lee Vaile mula sa diyaryo, na umabot pa doon sa Canada, noong 1933.

¹⁵⁴ Noong binabautismuhan ko na ang aking panlabimpitong tao, sa ilalim ng Saksing ito; at alam n'yo na ang kadugtong pa ng kuwento. At noong nakatayo ako roon, na binabautismuhan ang panlabimpitong tao, isang Liwanag ang bumaba noon mula sa Langit, na nagliliwanag pababa mula doon sa itaas, na parang isang Bituing bumababa galing sa Langit. Isang Tinig ang nagsabi, "Kung paanong isinugo si Juan Bautista upang maging tagapagpauna sa unang pagparito ni Cristo, ang iyong Mensahe ay mangunguna sa Kanyang pangalawang Pagparito, sa buong sanlibutan." Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito.

¹⁵⁵ [Nagagalak ang kongregasyon—Pat.] Sa araw na ito! [Labis na nagagalak ang kongregasyon at nagpupuri sa Diyos.] Ipinangako ito ng Diyos. Ano'ng nangyari? Ngayo'y lumibot ito sa buong mundo.

¹⁵⁶ At nang bumaba ang Diyos doon at sinabi iyon, nang ako'y maliit pang bata, sa isang nagniningas na palumpong,

o isang palumpong doon, na nagniningas sa pamamagitan ng isang Haliging Apoy, dito sa lugar ng Wathen sa Utica Pike; habang nag-iigib ako noon ng tubig doon, mula doon sa kamalig hanggang sa isang ilegal na distileriya ng alak, alam n'yo na ang katotohanan nito. Sabi Niya, “Huwag na huwag kang maninigarilyo, o mag-iinom, o dungisan ang iyong katawan, sapagkat may gampanin kang gagawin paglaki mo.” Sumasaksi ako doon na iyon ang Katotohanan, na nakita ko talaga Ito. At ang Diyos, tulad ng ginawa Niya kay Moises, ay nangusap sa harap ng kongregasyon doon, at ang sabi, “Ito ang Katotohanan.”

Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa gitna natin.

¹⁵⁷ Masdan kung ano ang sinabi Niya tungkol sa naturang pagkilala, at kung paano ito mangyayari; mula sa pagpapatong noon ng mga kamay sa kanila, hanggang sa pag-alam sa lihim ng kanilang puso. Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa harap mismo ng inyong paningin.

¹⁵⁸ Ang mga pangakong ito na ipinangako, pansinin, ang lahat ng mga pangakong ito ay pinagtibay at pinapangyari ng Diyos ng pangako. Tingnan n'yo, nakasabit sa Washington, D.C., ngayong gabi, ang larawan ng Anghel ng Panginoon!

¹⁵⁹ Habang si George J. Lacy, ang punong tagasuri ng bakas ng daliri at dokumento ng FBI para sa gobyerno ng Estados Unidos, ay sinuri Ito mula sa Houston, Texas, at sinabi, “Ito lang ang nag-iisang supernatural na Persona na nakuhanan ng larawan sa buong mundo.” Siguradong alam niya; siya na ang pinakamahusay sa mundo, para dito.

¹⁶⁰ Pansinin, naroon Itong nakasabit, bilang siyang Katotohanan, ang siya ring Haliging Apoy na nanguna sa Israel noon doon sa ilang. Nangunguna Ito ngayon, ang ganoon ding uri ng Mensahe, ng, “Lumabas kayo mula sa Egipto!” . . . ? . . . Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito. Batid n'yo na ang Mensahe na Kanyang sinabi.

¹⁶¹ Tingnan n'yo ang pangitain tungkol sa Tucson, tatlong taon na ang nakararaan, noong nakatayo ako roon sa daanan. Noong, limang taon bago pa iyon, ay sinabi na Niya, “Sa araw na magtulos ang lungsod sa harap ng tarangkahan na iyon, pumunta ka na sa Kanluran.” Ang aking mga kasama sa tabernakulo na narito, ay alam 'yung prop-. . . noong—noong panahong iyon. Siyanga.

¹⁶² At noong araw na naroon si G. Goynes at sila, at ibinaon ang tulos na iyon, sinabi ko sa asawa ko, “May kung anong ibig sabihin ito.”

Sabi niya, “Ano iyon?”

At pumasok ako at tiningnan ko ang maliit kong libro. Hayun nga iyon.

163 At nang sumunod na umaga, ng alas-diyes, habang nakaupo ako roon, sa kuwarto ko roon, mga alas-diyes, ay bumaba ang Anghel ng Panginoon. Sabi Niya, “Pumunta ka sa Tucson. Ika’y paroroon sa hilagang-silangan ng Tucson, at may darating na pitong Anghel sa isang grupo na uuga sa buong lupa sa palibot mo.” At sabi, “Sasabihin na sa iyo mula roon.”

164 Ilan ba ang nakakaalala niyan, dito, matagal na bago pa iyon mangyari? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] May mga kalalakiang nakaupo rito mismo sa gusaling ito ngayong gabi, na naroon mismo noong mangyari iyon.

165 At sabi, “Ang Pitong Selyo ng mga nakatagong hiwaga ng buong Biblia ay bubuksan na, at magiging ganap na ang Apocalipsis 10, na sa Mensahe ng ikapitong Anghel ay mangyayari ang mga bagay na ito.” Ngayo’y naganap ang Kasulatang ito sa harapan ng ating mga mata. Ngayo’y naganap ang Kasulatang ito.

166 Noong nakaraang taon, habang nakatayo sa siya ring lugar, si G. Woods dito at ako, sa pag-akyat sa itaas ng burol, na medyo nagdadalamhati, tungkol sa kanyang asawa na may sakit noon. Sinabi ng Espiritu Santo, “Dumampot ka ng bato na nakalapag diyan. Ihagis mo ito sa ere. Pagbaba nito, sabihin mo, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON, mayroong paghatol na tatama sa lupa.’ Sabihin mo sa kanya na makikita niya ang kamay ng Diyos, sa mga susunod na ilang oras.”

167 Sinabi ko kay G. Woods; na narito ngayong gabi. At, palagay ko, walo o sampu sa mga kalalakihan, o labinlima, ang naroroon noong panahon nang mangyari iyon; noong kinaumagahan, kung saan bumaba ang Diyos sa isang ipuipo at tinungkab ang bundok doon sa paligid namin, at pinutol ang mga taas ng mga puno, at gumawa ng tatlong pagsabog, at sabi, “Patungo na ang paghatol sa Kanlurang Baybayin.”

168 Dalawang araw pagkatapos niyon, muntik nang lumubog ang Alaska sa kailaliman ng lupa. At magmula noon, paroo’t parito na sa naturang Baybayin, ang mga buga ng paghatol ng Diyos laban sa espirituwal na tabing na iyon. May bakal na tabing, may kawayang tabing, at meron ding kasalanan na tabing.

169 Naglakbay ang kabihasnang kasama ng araw; gayundin naman ang Ebanghelyo. Nanggaling sila sa silangan at nagtungo pakanluran, tulad ng pagkilos ng araw. At ngayon ito’y nasa Kanlurang Baybayin na. Wala na Itong isusulong pa; kung papalaot pa Ito, babalik na Itong muli sa silangan.

170 Sinabi ng propeta, “Darating ang isang araw na hindi matatawag na gabi o araw,” isang mapanglaw na araw, punung-puno ng ulan at hamog, sapat lang na malaman kung paano sumali sa isang iglesya o ilagay ang pangalan ninyo sa

isang libro. “Subalit Magliliwanag pagsapit ng gabi.” Ngayoy naganap ang Kasulatang ito.

¹⁷¹ Ang siya ring—ang siya ring s-u-n na sumisikat sa silangan ay ang siya ring s-u-n na lumulubog sa kanluran. At ang siya ring S-o-n ng Diyos na dumating sa silangan at pinatotohanan ang Kanyang Sarili bilang Diyos na nahayag sa laman, ay ang siya ring S-o-n ng Diyos dito sa kanlurang bahagi ng daigdig, na ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa gitna ng iglesya ngayong gabi, bilang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang panggabing Liwanag ng Anak ay dumating na. Ngayoy naganap ang Kasulatang ito sa harapan natin.

¹⁷² Saan na ba tayo naroroon sa Abrahamic na kapanahunang ito? Saan na ba tayo naroroon dito sa dakilang panahon na ito na kinatatayuan natin, ang dakilang panahon na kinabubuhayan natin? Ang lahat ng mga pangitain ay naganap na.

¹⁷³ Papaano naman noong ang isang munting kaibigang ministro natin dito, isang kasamahang kapatid na iglesya, na si Junior Jackson, ay nagmamadaling pumunta sa atin isang gabi, na naroon ako. Sabi, “Nagkaroon ako ng isang—isang panaginip, Kapatid na Branham, na bumabagabag sa akin. Nakita ko ang lahat ng kapatiran na nagtipon sa itaas ng isang burol.” At sabi, “Sa burol na ito, ay tinuturuan mo raw kami mula sa mga titik na nakasulat, na para bang, sa ilang titik na nakaukit na nung panahong iyon sa bato. Noong matapos mo iyon, natapos ang lahat ng iyon, ay sinabi mo sa amin, sabi, ‘Magsilapit kayong maigi,’ at kaming lahat ay naglapitan.”

¹⁷⁴ Sabi, “Dumukot ka sa kung saan at, para bang, kumuha ka ng isang bareta at hinataw para buksan ang itaas nitong maliit na piramide. At nang mabuksan nga ito,” sabi, “batong granito na walang nakasulat dito. At sinabihan mo kami na ‘tumingin dito.’ At kayong lahat...Kaming lahat ay nagsimulang tumingin.” Sabi, “Lumington ako, at napansin kong papunta ka sa kanluran, na sadyang kasing tulin ng makakaya mo, patungo sa lubugan ng araw.” Ilan ba ang nakakaalala nito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

¹⁷⁵ At tumayo pa ako roon saglit hanggang sa ihayag ito ng Espiritu Santo. Sabi ko, “Ang buong Biblia, gaya nga ng mga nahayag na sa tao, sa pamamagitan ng pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu, ang bautismo sa Pangalan ni Jesus, at ang lahat ng mga ito, ay nahayag na; subalit may mga lihim na nakatago sa loob, sapagkat ang Biblia ay naselyuhan ng Pitong Selyo. Kailangan kong pumaroon para makita ito.”

¹⁷⁶ Noong umaga na bumaba ang pitong Anghel at pinasabog ang lupa, at tumilapon ang mga bato kung saan-saan, pitong Anghel ang tumayo roon at nagsabi, “Bumalik ka sa

Jeffersonville, kung saan ka nanggaling, sapagkat ang Pitong Selyo ng pitong hiwaga ay bubuksan na.”

¹⁷⁷ Heto na tayo, ngayon, na nauunawaan na ang *Binhi ng Serpiyente*. Sa loob ng ilang araw, kung loloobin ng Diyos, ay mauunawaan natin ang pagiging tama ng *Pag-aasawa At Diborsiyong*. At ang lahat ng mga ito na binuksan ng Diyos, ang bawat Selyo, ang mga hiwaga simula pa nang pagkatatag ng sanlibutan. At ating patuloy na ikinagagalak, ang Presensya ng Kanyang mga pagpapala! Totoo 'yon. Sa araw na ito, ang Kasulatang ito!

¹⁷⁸ Naglathala ang *Life* magazine ng isang artikulo tungkol dito, “Mahiwagang pabilog na Liwanag pumaitaas sa papawirin sa ibabaw ng Tucson at Phoenix,” ganoong-ganoon din sa sinabi ko sa inyo halos mag-iisang taon bago pa ito nangyari, kung paano ito mangyayari, at tulad sa isang tatsulok. Nakasabit ang naturang litrato sa bahay-sambahon doon. Kayo na nakakuha ng magasin na iyon ay mayroon nito. Hayun ito, sadyang ganoong-ganoon nga. Sabi nila, “Dalawampu't pitong milya ang taas nito at tatlumpung milya ang lapad.” Hindi pa rin nila maunawaan kung ano'ng nangyari. Ito'y lumitaw nang mahiwaga at mahiwaga ring nawala.

¹⁷⁹ Sina Kapatid na Fred Sothmann, Kapatid na Gene Norman at ako, ang nakatayo noon doon. Ang tatlo ay saksi. Gaya ng Kanyang isinama sa itaas ng bundok; sina Pedro, Santiago, at Juan, para sumaksi. Tumayo roon at pinagmasdan iyon nang mangyari iyon, at nakitang maganap iyon.

¹⁸⁰ Hayun Ito, na nakalutang noon sa kalangitan; napakalayo, wala halumigmig, walang hamog o kung ano man para makabuo ng—ng ulap. Paano sila makakapunta roon? Iyon ang mga Anghel ng Diyos na pabalik na, pagkatapos ng kanilang Mensahe. Ngayo'y naganap ang propesiyang iyon sa ating kalagitnaan. Ngayo'y naganap na ang Kasulatang ito.

¹⁸¹ Pagmasdan, nabuksan na ang Pitong Selyo. Ang ipuipo ay papunta na sa Kanlurang Baybayin. Ngayon, huwag ninyong palampasin ito, tulad ng ginawa nila noong mga nagdaang panahon.

¹⁸² Ngayon, ang ating pansin, tumutok nang kaunti sa ating panahon. Ano ba ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa panahon ngayon, at tungkol sa panahong kinabubuhayan natin? Si Jesus na nagsasalita noon. . . Wala na akong panahon para talakayin ang lahat ng mga iyon, ngunit gusto kong kunin ang isang ito bago tayo magtapos.

¹⁸³ Sabi ni Jesus, sa San Lucas ika-17 kabanata, sa ika-30 talata. Si Jesus Cristo, ang Salita Mismo! Sinasampalatayanan n'yo ba iyon? [Sinabing kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Si Jesus Cristo, ang Salita Mismo, na nagkatawang-tao, ay nagsalita at nagsabi kung magiging ano ang Salita sa huling panahon, kung ano ang

magiging tanda ng wakas ng sanlibutan. Sinabi Niya sa kanila na maglalaban-laban ang mga bansa, ngunit sinabi Niya, “Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, gayon din naman ang mangyayari sa araw na ang Anak ng tao ay inihahayag na.”

¹⁸⁴ Ngayon, nang dumating sa lupa si Jesus, dumating Siya sa pangalan ng tatlong Anak. Anak ng tao, na isang propeta; Anak ng Diyos; at Anak ni David.

¹⁸⁵ Ngayon, namuhay Siya noon dito sa lupa. Hindi Niya talaga sinabi noon na Siya ay Anak ng Diyos. Ang sabi Niya, “Ako ang Anak ng tao.” Si Jehovah Mismo ay tinawag si Ezekiel at ang mga propeta, na “Anak ng tao.” Sapagkat, kinailangan Niyang maparito upang tuparin ang Kasulatan bilang isang propeta. Sinabi ni Moises, “Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw ng isang Propeta na gaya ko.” Iyon ang dahilan kaya hindi Siya maaaring maging ang Anak ng Diyos doon noon, sapagkat Siya ay Anak ng tao. Siya . . . “Dumating ang Salita sa mga propeta.” At Siya ay ang Salita sa kabuuan Nito. Ang Anak ng tao, ang—ang pangunahing propeta. . . Hindi ang pangunahing propeta, kundi ang Diyos-na-Propeta, “Ang kapuspunan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman ay nasa Kanya.” Samakatwid, Siya ay ang Anak ng tao.

¹⁸⁶ Ngayon, sa loob ng dalawang libong taon, nakilala natin Siya bilang Anak ng Diyos, Espiritu.

¹⁸⁷ At sa Milenyum, Siya’y magiging Anak ni David, doon sa Trono. Alam nating lahat iyon, na mga naniniwala sa Mga Kasulatan.

¹⁸⁸ Ngayon, sinabi ni Jesus, sa dulo lamang nitong kapanahunan ng iglesyang kinabubuhayan natin, na, “Ang Anak ng tao ay mahahayag na muli sa gayon ding paraan tulad noon, kung paano noon sa Sodoma.”

¹⁸⁹ Pagmasdan kung papaano, batay sa kasaysayan, na ibinigay Niya ito. Sabi Niya, “Kung paano ang nangyari sa mga araw,” una, “ni Noe, kung paanong sila’y nagsisikain, nagsisiinom, nangag-aasawahan, pinapag-aasawa.” Pagkatapos ay Kanyang dinala doon, na kasunod niyon, sa huli, doon na sa Anak ng tao, sa Sodoma. Dahil, doo’y nakikipag-ugnayan Siya noon sa mga Judio; dito, sa Sodoma, ay nakikipag-ugnayan naman Siya sa mga Gentil. Doon, nilunod Niya silang lahat noon sa tubig, sa paghatol; dito, sa mga Gentil, sinunog naman Niya silang lahat noong araw ng Sodoma. Tama nga. Ang mundo ng mga Gentil doon ay sinunog noon, “at gayun din naman ang mangyayari kapag ang Anak ng Tao ay mahayag.” Hindi na ito tubig, kundi magiging apoy na sa pagkakataong ito. Bumasa si Jesus mula sa siya ring Genesis 23 kung saan din tayo bumabasa, nang basahin Niya ang tungkol sa Sodoma.

¹⁹⁰ Ngayon, tinatanggap natin ang mga nasabing kalagayan, na kalagayan ng mundo ng Sodoma, ng mga Sodomita, ang

kalagayang mala-Sodoma. Tayo, ang bawat isa, ay magsasabi ng “Amen” diyán. Naniniwala tayo ríyan. Sige.

¹⁹¹ At sa espirituwal na kalagayan ng Laodicea, ang iglesyang natural, magsasabi tayo ng “Amen” diyán, at tatanggapin ang kanilang mga tanda. Alam natin na naroon na ang bawat tanda. Ang iglesya ay nasa Laodicea na. Alam natin iyon. [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

¹⁹² Alam natin na ang sanlibutan ay nasa kalagayang mala-Sodoma na. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Tatanggapin natin ’yon.

¹⁹³ Subalit paano naman ang tungkol sa tanda ni Abraham, yaong naghihintay sa ipinangakong anak? Iba pa iyon.

¹⁹⁴ Alalahanin, meron sila noon na isang Sodoma doon; may mensahero sa kanila noon. At may Mensahero din noon para kay Abraham.

¹⁹⁵ Naghihintay noon si Abraham, araw-araw, para sa, halos imposibleng bagay na mangyari. “Si Sarah, na siyamnapu, at siya nama’y isandaan na.” Alinsunod sa pangako ng Diyos, ay naghihintay pa rin siya. Sa gitna ng lahat ng mga pangungutya, ay naghihintay siya para sa anak na iyon.

¹⁹⁶ Gayun din na naghihintay pa rin ang tunay na mananampalataya para sa pagbabalik ng ipinangakong Anak! Pansinin, bago dumating ang anak, merong isang tanda na ibinigay sa kanya. Hindi ba’t ang tanda ng darating na Anak na ihahayag sa maharlikang Binhi ni Abraham na naghihintay para sa Maharlikang Anak, ay gaya rin naman noon kay amang Abraham para noon sa anak sa natural? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Tama ba? [“Amen.”] Sinabi ni Jesus ang gayon, dito sa San Lucas 17:30, “Bago dumating ang oras na ito, ’yan, ang Anak ng tao ay mahahayag tulad ng ginawa Niya sa mga araw ng Sodoma, bago ang pagkawasak ng Sodoma.” Ngayon tayo’y naghihintay ng isang tanda.

¹⁹⁷ Ngayon talakayin natin ang kalagayan ng panahon kung paano noon sa Sodoma. Pansinin, silang lahat naging mga Sodomita na, ang sanlibutan.

¹⁹⁸ Sa palagay ko’y nagpalabas ng isang panoorin ang isa sa mga direktor ng pelikula, hindi pa katagalan, at nangyaring nakita ko ito, iyon ay, *Sodoma*. Kung mapapanood n’yo ito at wala namang ibang ipapalabas kundi iyon lang, panoorin n’yo iyon. Talagang isang magandang larawan iyon ng Estados Unidos ngayon, ang Hollywood, sadyang eksakto; parehong klase ng pananamit at lahat ng iba pa katulad mismo sa ginawa nila noon; mga magagarbong paglalasingan at lahat na, isang relihiyosong kulto ng mga tao, mga naturingang relihiyoso.

199 Pansinin, at may saksi noon ang Sodoma, at iyon ay isang lalaki na nagngangalang Lot, na isa lamang pamangkin ni—ni Abraham.

200 Ngayon, hindi nagpunta ng Sodoma si Abraham, siya at ang kanyang grupo. Mayroon siyang malaking grupong kasama, na sapat para makipaglaban sa mga isang dosenang mga hari at sa hukbo ng mga ito. Kaya, mayroon siyang isang malaking grupo na kasama. At nakaupo siya roon sa ilalim ng isang punong encina, isang araw, nang ang lahat ay nagiging magulo na sa kanya; wala nang sino man ang gustong magkaroon ng kaugnayan sa kanya, ngunit pinanghahawakan pa rin niya ang pangakong iyon.

Pagmasdan ngayon, nang maigi, bago tayo magtapos.

201 Habang nakaupo siya roon, ay may dumating na tatlong lalaki, naglalakad noon papunta sa kanya. Ang dalawa sa kanila ay pumaroon sa Sodoma at ipinangaral ang Ebanghelyo sa kanila, para lumabas na, doon kina Lot. Tama ba? [Sinasaki ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngunit nanatili ang Isa kay Abraham. Pansinin, Yaong nanatiling kasama ni Abraham ay ang Diyos Mismo. 'Yung dalawa pa ay mga mensaherong Anghel.

202 Ngayon, doon sa Sodoma, ay wala silang ginawang mga himala, basta binulag lamang ang mga iyon. At laging bumubulag ang pangangaral ng Ebanghelyo sa mga iyon.

203 Ngayon pagmasdan ang kalagayan ng panahong iyon. May iglesyang natural. Laging sa tatluhan, tulad ng sinabi ko kagabi, ikinakatawan ang Diyos. Naroon ang mga Sodomita; ang mga Lotites; at ang mga Abrahamites. Ito'y nasa ganoon ding posisyon ngayong gabi, ang mundo na nasa ganoon ding kalagayan.

204 Hayaan n'yong tanungin ko kayo ng isang bagay. Tingnan n'yo ang eksenang ito ngayon. Tinawag ni Abraham ang Lalaking ito na nakipag-usap sa kanya, na “Elohim.” Ang salitang Hebreo na *Elohim* ay nangangahulugang “Yaong kusang nabubuhay nang walang hanggan, Yaong Isa na Walang Hanggan,” si Elohim, ang Diyos Mismo!

205 Sa pasimula, ang Genesis 1, ay nagsabi, “Nang pasimula ang Diyos . . .” Kunin ang salitang Hebreo doon, alinman, o ang salitang Griyego, pala, “Nang pasimula ay nilikha ni *Elohim* ang mga langit at lupa.”

206 Dito, Siya, sa Genesis, mga sa 22 rito, ay sinabi Niyang muli, o—o mga sa 20, sabi Niya, at tinawag niya ang pangalan ng Lalaking ito na “Elohim.” Bakit Niya ginawa iyon? Ang Diyos 'yun, na ipinakilala sa katawan ng tao, na naupong kasama ni Abraham at kumain ng tinapay na may palamang karne ng baka, umiinom noon ng kaunting gatas, at kumain ng ilang tinapay. Ang Diyos Mismo, at naglaho mismo sa harap ni Abraham.

207 Subalit binigyan Niya siya ng isang tanda. Pansinin. At ang tandang iyon ay na nakatalikod Siya sa tolda.

208 At alalahanin, si Abraham, ang pangalan niya ay *Abram* ilang araw bago iyon, at si Sarah ay *Sarra* bago iyon; S-a-r-r-a pagkatapos ay S-a-r-a-h na, at ang A-b-r-a-m naging A-b-r-a-h-a-m na. Ang kahulugan ng *Abraham* ay “ama ng mga bansa.”

209 Ngayon tingnang maigi dito, at makikita na natin ang kalagayan ng panahon na kinabubuhayan natin, gaya ng sinabi ni Jesus sa atin na abangan ang ganitong kalagayan. Nakita na natin ang lahat ng iba pa rito na husto; ngayon tingnan naman natin sa maharlihang Binhi, kung anong kalagayan ang dapat nilang makita.

210 Ngayon sabi ng Lalaking ito, “Abraham, nasaan ang iyong asawa, na si Sarah?”

At sinabi ni Abraham, “Siya’y nasa tolda, sa likuran Mo.”

211 Ngayon, hindi pa Niya ito nakita. Paano Niya nalaman na ang pangalan niya ay *Abraham*? Paano Niya nalaman na ang pangalan nito ay *S-a-r-a-h*? “Abraham, nasaan ang iyong asawa, na si Sarah?”

Sabi, “Siya’y nasa tolda, sa likuran Mo.”

212 Sabi Niya, “Ako. . .” “Ako,” isang panghalip panao. “Ako’y dadalaw sa iyo ayon sa pangako. Magkakaanak ang iyong asawa. Nagtiwala Ka sa Akin, ngayon ay papangyayarihin Ko ito.”

213 At si Sarah, na naroon sa tolda, sa likod, nakikinig nang palihim o nang-uulinig, kung ano man ang tawag n’yo rito, na nakikinig mula sa loob ng tolda, tumawa siya nang palihim, at sabi niya, “Ngayon, ako, ang isang matandang babaeng tulad ko, ay magtatamo pa ng kaligayahan kasama ng aking panginoon; at siya’y matanda na, rin, na naruong isandaang taong gulang na? Samantalang, hindi pa ito nangyari sa loob ng maraming, maraming taon.”

214 At ang Lalaki, L-a-l-a-k-i, na nakaupo roong kumakain, na nasa katawang tao, umiinom at kumakain tulad ng isang karaniwang tao; na may alikabok sa Kanyang damit, at may alikabok sa Kanyang mga paa, at hinugasan iyon ni Abraham. Ang Diyos, Mismo, ay tumingin sa paligid, at sabi Niya, “Bakit tumawa si Sarah, doon sa tolda, na sinasabi ang *ganito*?” Alam Niya, nakikilala ang mga iniisip ni Sarah sa loob ng tolda, sa likod Niya. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

215 Ngayon, noong dumating na ang Maharlikang Binhi ni Abraham sa lupa, ano bang tanda ang Kanyang ipinakita, ang Anak ng tao. Lumapit si Simon sa Kanya isang araw; dinala siya ni Andres. Sabi Niya, “Ang pangalan mo ay Simon. Anak ka ni Jonas,” ang sabi Niya. Kita n’yo, ’yon ang nagpaging mananampalataya sa kanya.

216 Nagpunta si Felipe at dinala si Nathanael; pagpunta doon, ang sabi, “Halika, tingnan mo ang isang lalaki Na aming—aming natagpuan; si Jesus na taga-Nazaret, anak ni Jose.”

217 Sabi nito, “Tekang muna sandali. May mabuting bagay ba na maaaring manggaling mula sa kapanatikuhang iyan?”

Sabi niya, “Halika, tingnan mo.”

218 Kaya noong makalapit si Felipe sa presensiya ni Jesus, kasama si Nathanael, tumingin si Jesus sa kanya at sinabi, “Narito ang isang Israelita na sa kanya’y walang pandaraya.”

Sabi niya, “Guro, kailan Mo ako nakilala?”

219 Sabi, “Bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno, ay nakita Kita.”

220 Sabi nito, “Guro, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel!”

221 Noong ’yung munting babae sa balon, sa kanyang kalagayang imoral, ay lumapit, sa isang munting panoorin na tulad nito, para umigib ng tubig. Pinayaon ni Jesus ang kanyang mga alagad, para kumuha ng pagkain. Noong dumating ang babae para umigib ng tubig, sabi Niya, “Painumin mo Ako, babae.”

222 Sabi nito, “Hindi kaugalian para sa Iyo na sabihin iyan. May pagbubukod tayo rito. Ngayon, kayong mga Judio ay walang pakikipag-ugnayan sa aming mga Samaritano; wala kaming pakikipag-ugnayan sa inyo.”

223 Sabi Niya, “Subalit, babae, kung kilala mo kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom. Bibigyan Kita ng mga tubig na hindi ka na paririto pa para umigib.”

224 Nakita Niya kung nasaan ang problema sa kanya, kung ano iyon. Sabi Niya, “Humayo ka’t dalhin mo ang iyong asawa at pumarito ka.”

Sabi nito, “Wala akong asawa.”

225 Sabi Niya, “Sinabi mo ang katotohanan. Nagkaroon ka na ng lima, at ang iyong kinakasama ngayon ay hindi mo asawa.”

226 Sabi nito, “Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang propeta. Alam namin na pagparito ng Mesiyas ay ipapakita Niya ang ganitong mga bagay sa amin.”

Sabi ni Jesus, “Ako nga Siya.”

227 Dahil doon, tumakbo siya sa bayan at nagsabi, “Halikayo, tingnan ninyo ang isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na aking ginawa. Ito na nga kaya mismo ang Mesiyas?”

228 Masdan, ginawa Niya iyon sa harap ng mga Judio, at sa mga Samaritano, ngunit hindi pa kailanman sa mga Gentil. Ang mga Gentil, tayong mga tao, ay mga pagano noong mga panahong

'yon, ang ibang mga bansa, na may sukbit na pambambo sa ating likod, sumasamba sa mga diyos-diyosan. Wala tayong hinihintay na Mesiyas.

²²⁹ Nagpapakita lamang Siya sa mga naghahanap sa Kanya, at tayo'y dapat naghahanap sa Kanya.

²³⁰ Subalit yaong mga nag-aangking naghahanap daw sa Kanya, ang iglesya mismo, nang makita nilang isinagawa iyon, ang sabi nila, "Isa Siyang diablo. Isa Siyang manghuhula, isang Beelzebub!"

²³¹ At sinabi ni Jesus, "Mapapatawad pa sa kanila ang kasalanang iyon," sapagkat hindi pa Siya namamatay noon. "Subalit," sabi, "darating ang Banal na Espiritu balang araw at gagawin ang ganoon ding bagay, at ang magsalita ng isang salita laban Dito ay hindi na mapapatawad pa." Iyon ay ang araw na ito, kung saan ang bawat Salita ay kailangang nagkadugtong-dugtong na. "Ang magsalita ng isang salita laban Dito; ito'y hindi na ipapatawad sa mundong ito o sa mundo mang darating."

²³² Iyon ay ang Maharlikang Binhi ni Abraham. At dito ang Maharlikang Binhing iyon ni Abraham, na dumating dahil sa ganoong pagkakakilanlan ng Lalaking iyon na nakaupo roong kasama ni Abraham, ay dumating na nagpapatunay na iyon ang siya ring Diyos, na nangangako sa panahong ito, "Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, gayun din naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao, kapag inihahayag na Niya ang Kanyang Sarili bilang Anak ng tao." Amen. Ito na ang panahon para maganap ang Kasulatang ito.

²³³ Tingnan ang kalagayang kinaroroonan natin ngayon. Tingnan ang iglesya kung saan ang Anak ng Diyos . . . Tingnan ninyo ang mapanglaw na araw. Tingnan lahat ang mga propesiya. Ngayon, isang di-karaniwang bagay, na inaasahan nang dumating ang mga bisita natin kung gayon, kung ang kalagayan ay dapat na kagaya na doon sa Sodoma.

²³⁴ Tatlo silang dumating, tatlong namumukod-tanging lalaki na isinugo mula sa Langit. Tatanggapin natin iyon. Tatlo sila; nanatili ang Isa na kasama ni Abraham. Nagsimula silang lahat doon, subalit Isa ang nanatili kay Abraham. Ang iba na sa kanila ay bumaba ng Sodoma. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At napalitan ang pangalan ni Abraham, mula Abram ay naging Abraham na. Totoo? ["Amen."]

²³⁵ Hindi pa ni minsan sa kasaysayan, ng iglesya ng sanlibutan, na nagkaroon kailanman ng ebanghelista para pumunta rito, na nagtatapos ang pangalan sa h-a-m, hanggang ngayon, Billy G-r-a-h-a-m. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] G-r-a-h-a-m, anim na titik. Ang A-b-r-a-h-a-m ay pitong titik. Ngunit ang G-r-a-h-a-m ay anim na titik, na siyang sanlibutan, sa tao. Kita n'yo?

236 Tingnan n'yo kung ano ang pumaroon, ngayon, ay silang mga mensahero na mula sa Langit.

237 Mayroon bang tao sa lupa na lubos na nangaral ng pagsisisi nang napakalinaw tulad ni Billy Graham? Nagkaroon na ba ng isang tao na may epekto sa mga tao, na tulad ni Billy Graham? Wala pa kailanman, sa buong mundo, na isang tao. Oh, si Billy Sunday, at ang iba pa, ay dito lang sa Estados Unidos, subalit kilala si Billy Graham sa buong mundo. Nakita n'yo kung saan siya tumatawag? Doon sa Sodoma.

238 At may kaagapay siyang grupo roon kasama ng iglesyang Pentecostal, isang Oral Roberts.

239 Subalit papaano naman ang grupo ng Mga Hinirang? Ano bang klaseng tanda ang kanilang dapat na makita? Ano ang dapat na mapasa kanila? Aleluya! “Magliliwanag sa gabi.” Ngayoy naganap ang Kasulatang ito. [Nagagalak ang kongregasyon—Pat.] Sa araw na ito'y naganap ang pangako ng Diyos. Alam natin iyan bilang siyang Katotohanan. Naririto Siya ngayong gabi gaya din naman Niya noon.

240 Ngayon, ang ipangaral ito, na sinabi ko kani-kanina lang, kung ipangaral mo ang anuman at ito'y ang Katotohanan ng Ebanghelyo, kung gayon ay obligado ang Diyos na patunayan iyon. Tootoo ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ngayon, kung ganoon nga, hayaan ang Diyos na sumulat sa Salita, hayaan ang Diyos na siyang nagpropesiya, hayaan ang Diyos na siyang Diyos ng Salita, na pumarito at patunayan na Siya pa rin ay Diyos.

241 Habang papaakyat noon si Elias ng bundok; nag-aantabay, pumaroon si Eliseo na nag-aantabay kay Elias, sabi niya, “Gusto ko ng dobleng bahagi.” At nahulog kay Eliseo ang balabal na na kay Elias. Lumusong siya doon, at dinoble'yung balabal at hinampas ang ilog, at sinabi, “Nasaan ang Diyos ni Elias?” At ang gayun ding bagay na nangyari para kay Elias, ay nangyari din para kay Eliseo.

242 At ang siya ring Ebanghelyo, ang siya ring Kapangyarihan, ang siya ring Anak ng tao na siyang kahapon, ay siya ring ngayon, at magiging gayon pa rin magpakailanman. Mga Hebreo 13:8. Sinasampalatayanan n'yo ba Ito? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kung gayon, hinihiling ko sa inyo. Hindi ako puwedeng maging Siya, ngunit Siya ay narito. [“Amen.”] Tagapaghatid lamang tayo.

243 Ang iba sa inyong mga tao rian, na may sakit at nahihirapan, na alam n'yong hindi ko kayo kilala, hayaan ang Diyos ngayon. . . kung magagawa kong ipakumbaba nang husto ang aking sarili. Manalangin kayo at hilingin sa Diyos.

244 Sa palagay ko'y walang. . . Walang prayer card sa gusali, mayroon ba? Wala, hindi ko. . . Hindi kami namigay ng anumang prayer card. Magkakaroon kami ng pulong-panalangin sa. . .

o pagpapagaling ng mga maysakit, doon sa bahay-sambahan. Subalit, kayo'y manalangin.

²⁴⁵ At alam n'yo na ako'y lubos na hindi n'yo kilala. Kita n'yo, kilala ninyo ako, Jeffersonville! Ayaw kong gawin iyon ng mga taga-Jeffersonville. Gusto ko ng mga taong galing pa sa malayo rito kung saan man. Tingnan n'yo kung naghahayag pa rin nga ba ang Diyos! Tingnan n'yo kung Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!

²⁴⁶ Gawin n'yo kung ano ang ginawa nung munting babae. Dumaan Siya, at sabi ng babae, "Naniniwala ako sa Taong ito." Inaagasan ito ng dugo, at sabi nito, "Kung mahihipo ko lang ang laylayan ng Kanyang damit, naniniwala akong gagaling ako." Tama ba?

²⁴⁷ Dahil sa pananampalataya niya, noong araw na iyon, ay naganap ang Kasulatan. "Pinagaling Niya ang puso ng mga bagbag na puso, pinagaling ang mga maysakit at ang mga lumpo."

²⁴⁸ Nang mahipo nito ang Kanyang damit, at lumabas at naupo na, lumingon Siya at nagsabi, "Sinong humipo sa Akin?" Papaano Niya malalaman, sa ganoon kalaking dagsaan ng mga tao, na maaaring tatlumpung beses kung anong dami ngayong gabi, libu-libo sila? Paano Niya nalaman iyon? Sabi Niya, "Sinong humipo sa Akin?" Hindi Niya sinabi iyon para lang may masabi; sinabi Niya iyon dahil iyon ay totoo. At sabi Niya, "Sinong humipo sa Akin?" At tumingin Siya nang diretso sa paligid at nakita ang naturang munting babae, kung saan ito nakaupo o nakatayo, kung anuman ang posisyon nito, sinabi sa kanya na tumigil na ang pag-agas ng kanyang dugo.

²⁴⁹ Iyon ay si Jesus kahapon. Iyon Siya ngayon. Sinasampalatayanan n'yo ba iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁵⁰ Hindi kita kilala; kilala ka ng Diyos. Subalit mayroon kang sumasakit sa tagiliran, na gumagambala sa iyo. Siyanga. Nakaupo ka riyan na nananalangin tungkol dito. Ako ba'y estranghero sa iyo, at kapwa ba tayo estranghero sa isa't isa? Tumayo ka, kung ganun nga. Hindi kita kilala. Ito'y *itong* lalaki na narito mismo sa sulok, ang batang lalaking ito. May sakit ka rin sa lalamunan. Siyanga. Nananalangin ka tungkol diyan. Ninenerbiyos ka nang husto tungkol sa isang bagay. Kinakailangan mong lisanin ang pagtitipon dahil, isa kang ministro, may ilan kang kompromiso na kailangan mong ayusin. Tama iyon. Uh-huh. Naniniwala ka bang kilala ka ng Diyos? Reb. G. Smith, ngayon ay maaari ka nang umalis at gumaling. Pinagaling ka ni Jesus Cristo. Pumaroon ka na sa iyong pagtitipon; hindi ka na gagambalain pa ng iyong lalamunan.

Sino ba ang nahipo niya?

²⁵¹ May taong nakaupo sa banda *rito*; siya'y nagdurusa. May tumor siya sa kanyang kaliwang baga. Hindi niya . . . Hindi siya tagarito. Nagtrabaho ka noon bilang isang minero. Tama iyon. Ganap na estranghero ako sa iyo. Kung tama iyon, iwagayway mo ang iyong kamay. Nasa kaliwang baga mo ang tumor, at nakatakda ka nang maoperahan kaagad. Tama ba? Hindi ka tagarito. Taga-ibang bayan ka. Taga-Virginia ka. Tama nga. Naniniwala ka bang alam ng Diyos kung sino ka? G. Mitchell, siyanga, umuwi ka na at gumaling. Pinagaling ka ni Jesus Cristo. Tanungin n'yo 'yung lalaki! Hindi ko pa siya nakita, sa tanang buhay ko. Nakaupo siya roon, na nananalangin.

Sa araw na ito ang Kasulatang ito!

²⁵² [Tumatalikod sa kongregasyon si Kapatid na Branham—Pat.] Narito ang isang binibining nakaupo mismo banda rito, sa likuran ko, tulad ni Sarah noon na nasa tolda. Nananalangin siya para sa isang anak na babae. Tumayo ka. Wala rito ang anak na 'yon; nasa malayo siya, 'yung anak na babae. At katulad ka kung paano noong isang babae ang lumapit kay Jesus, na may babaeng pinahihirapan nang sari-sari ng isang demonyo. Ang naturang babae ay . . . ang batang babae ay inaalihan ng demonyo. Wala siya rito. Siya ay taga . . . Taga-North Carolina ka. Sumasampalataya ka ba roon? At iyon ang totoo, hindi ba? Gng. Orders, makakauwi ka na. Kung sasampalatayanan mo nang buong puso mo, masusumpungan mo ang iyong anak na babae na tulad sa nasumpungan noong si Jesus Cristo sa mga nagdaan panahon, ay nagsabing gumaling na nga ito.

²⁵³ Sa araw na ito ang Kasulatang ito; ang tanda ng Sodoma, ang tanda ng makapangyarihang Binhi, ang tanda ng natural na iglesya! Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa inyong kalagitnaan. Sinasampalatayanan n'yo ba ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁵⁴ Maaari mo ba siyang tanggapin ngayon bilang Tagapagligtas mo at tagapagpagaling? Magsitayo kayo, ang bawat isa sa inyo, sabihin, "Tinatanggap ko ang aking kagalingan. Tinatanggap ko Siya bilang aking Tagapagligtas. Tinatanggap ko Siya bilang aking Hari." Tumayo ang bawat isa sa inyo.


Sa araw na ito! Makinig, mga kaibigan.

²⁵⁵ "Binasa Niya ang Kasulatan, isinauli ang Biblia sa saserdote, at," sabi, "ang lahat ng mata ng mga tao ay nakatuon sa Kanya. At tumingin Siya sa kanila, at nagsabi, 'Ngayo'y naganap ang Kasulatang ito.'"

²⁵⁶ Nabasa ko na ang Kasulatan, na may sandosena o higit pang katunayan na tayo'y nabubuhay na nga sa huling panahon, ang henerasyon na makakakita sa pagbabalik ni Jesus Cristo sa lupa. At sinasabi ko sa inyo ngayong gabi, muli, ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa inyong paningin.

²⁵⁷ Kayong mga nasa Tucson, kayong mga nasa California, kayong mga nasa New York, dito sa mga nakakonekta sa telepono, ngayo'y naganap ang Kasulatang ito sa inyong paningin.

²⁵⁸ Mangagalak tayo at magkatuwaan, sapagkat ang Kasal ng Kordero ay nalalapit na, at ang Nobya Nito...ang Kanyang Nobya ay inihanda na ang Sarili Nito.

²⁵⁹ Itaas natin ang ating mga kamay at luwalhatiin Siya, lahat kayong mga tao. Pagpalain kayo ng Diyos. [Patuloy na nagagalak at nagpupuri sa Diyos ang kongregasyon—Pat.] 

NGAYO'Y NAGANAP ANG KASULATANG ITO TAG65-0219
(This Day This Scripture Is Fulfilled)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Pebrero 19, 1965, sa Parkview Junior High School sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org